2018

PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# LEARNING MODULE

**Araling Panlipunan** G7 | Q3

# Ang Timog at Kanlurang Asya sa Transyonal at Makabagong Panahon



PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

PEAC National Secretariat
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

# NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

ARALING PANLIPUNAN 7

# Modyul 3: Ang Timog At Kanlurang Asya Sa Transisyonal At Makabagong Panahon (16-20 Siglo)

## ☑ PAMBUNGAD AT MGA POKUS NA TANONG:

Ang kasaysayan ng mga bansang Asyano mula ika-16 hanggang ika-20 siglo ay panahon ng pagbabago, pagpapatuloy at pag-unlad. Sa panahong ito, nanghimasok ang mga Kanluranin upang mapakinabangan ang mga yamang likas at yamang tao nito.

Bawat makakapangyarihang kanluranin ay umangkin ng mga bansang mahihina na nagbigay-daan upang makabuo sila ng kani-kanilang imperyo.

Sa naranasang pang-aapi at pagmamalupit ng mga Kanluranin, unti-unting bumangon ang mga Asyano upang supilin ang pagmamalupit. Ang mga pangyayaring ito ay nagbunsod sa pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo sa mga Kanluranin. Sa pagkakataong ito, nagbuklod ang mga Asyano upang wakasan na ang mga pang-aaping naranasan.

Sa naranasang pagbabago, napanatili ng mga Asyano ang kanilang tradisyunal na kaugalian, kultura, pamumuhay, pananaw at pagpapahalaga.

Ang modyul na ito ay binubuo ng limang aralin. Sa bawat aralin, piling-pili ang mga gawain na kailangan mong maisagawa sapagkat ito ay magsisilbing paghahada sa gagawin mong perpormans o proyekto.

Kaya kung tutuusin, marami na talagang pinagdaanang karahasan at siguro naman mga kabutihan din na natamo sa pagbabago. Ito ay nagbigay-daan sa ilang katanungan. Halimbawa na lamang ang mga sumusunod:

- Minsan ba naiisip mo o natanong sa iyong sarili kung paano ang buhay noon ng iyong mga angkan o ninuno?
- Madali kaya ang buhay noon o napakahirap?
- Anu-ano kaya ang mga karanasan at pagsubok ang pinagdaaanan nila para lang maabot ang ngayo'y mauunlad na bansa sa Asya?

Sa modyul na ito, sasagutin mo ang tanong na

- Paano nakamit ang Transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?

Habang sa proseso nito ay pag-aaralan mo ang mga paksang naitala sa ibaba.

## ☑ MGA ARALIN AT SAKOP NG MODYUL

***Aralin 1 – Konsepto ng Kolonyalismo at Imperyalismo***

- Mga dahilan, paraan at epekto ng kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya
- Papel ng kolonyalismo at imperyalismo sa kasaysayan ng Timog at Kanlurang Asya

***Aralin 2 – Panahon ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya***

- Transpormasyon ng mga pamayanan at estado sa Timog at Kanlurang Asya sa pagpasok ng mga isipan at impluwensiyang kanluranin sa larangan ng (a) pamamahala, (b) kabuhayan, (c) teknolohiya, (d) lipunan, (e) paniniwala, (f) pagpapahalaga, at (g) sining at kultura.
- Ang mga nagbago at nanatili sa ilalim ng kolonyalismo
- Epekto ng kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya
- Ang mga Karanasan sa Timog at Kanlurang Asya sa ilalim ng kolonyalismo at imperyalismong kanluranin

***Aralin 3 – Pag-usbong Nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya***

- Papel ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya
- Ang mga salik at pangyayaring nagbigay daan sa pag-usbong at pag-unlad ng nasyonalismo
- Iba't ibang manipestasyon ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya
- Bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya tungo sa paglaya ng mga bansa mula sa imperyalismo
- Epekto ng nasyonalismo sa sigalot etniko sa Asya katulad ng partisyon/ paghahati ng India at Pakistan
- Mga pamamaraang ginamit sa Timog at Kanlurang Asya sa pagtatamo ng kalayan mula sa kolonyalismong sa kilusang nasyonalista
- Epekto ng mga digmaang pandaidig sa pag-aangat ng mga malawakang kilusang nasyonalista ( hal: epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig sa pagtatag ng sistemang mandato sa Kanlurang Asya)

***Aralin 4 – Ang Daan tungo sa Paglaya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya***

- Iba't ibang ideyolohiya (ideolohiya ng malayang demokrasya, sosyalismo at komunismo) sa mga malawakang kilusang nasyonalista
- Epekto ng mga samahang kababaihan at ng mga kalagayang panlipunn sa buhay ng kababaihan tungo sa pagkakapantay-pantay, pagkakataong pang-ekonomiya at karapatang pampulitik
- Bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay wakas sa imperyalismo
- Mga pagbabago sa mga bansang bumubuo sa Timog at Kanlurang Asya
- Balangkas ng pamahalaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya
- Mga palatuntunang nagtataguyod sa karapatan ng mamamayan sa pangkalahatan, at ng kababaihan, grupong katutubo, mga kasapi ng caste sa India at iba pang sektor ng lipunan
- Ang kalagayan at papel ng kababaihan sa iba't ibang bahagi ng Timog at Kanlurang Asya at ang kanilang ambag sa bansa at rehiyon
- Ang kinalaman ng edukasyon sa pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya

***Aralin 5 – Ang mga Pagbabago sa Timog at Kanlurang Asya***

- Bahaging ginampanan ng relihiyon sa iba't ibang aspeto ng pamumuhay
- Mga kasalukuyang pagbabago pang-ekonomiya na naganap/nagaganap sa kalagayan ng mga bansa
- Pagkakaiba-iba ng antas ng pagsulong at pag-unlad ng Timog at Kanlurang Asya gamit ang estadistika at kaugnay na datos.
- Mga anyo at tugon sa neokolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya
- Epekto ng kalakalan sa pagbabagong pang-ekonomiya at pangkultura ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya
- Kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya sa larangan ng sining at humanidades at palakasan
- Pagkakakilanlan ng kulturang Asyano batay sa mga kontribusyong ito

***Sa modyul na ito, inaasahang suriin mo ang mga sumusunod na tanong sa pagtalakay ng aralin.***

1. Paano nahubog ang pagkakilanlang Asyano sa Timog at Kanlurang Asya?
2. Sa paanong paraan nakaapekto ang kolonyalismo at imperyalismong kanluranin sa mga bansa sa Asya?
3. Paano hinubog ng iba't ibang pangyayaring nagbigay daan sa pag-usbong at pag-unlad ng nasyonalismo sa Asya?


**Sa araling ito, inaasahang matutunan mo ang mga sumusunod:**

| | |
|---|---|
| *Aralin 1* | • Napapahalagahan ang pagtugon ng mga Asyano sa mga hamon ng pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (16-20 siglo) |

| | |
|---|---|
| | • Nasusuri ang mga dahilan at paraan ng kolonyalismo at imperyalismo ng mga Kanluran sa unang yugto (ika-16 at ika-17 siglo) pagdating nila sa Timog at Kanlurang Asya<br>• Nabibigyang halaga ang papel ng kolonyalismo at imperyalismo sa kasaysayan ng Timog at Kanlurang Asya |
| *Aralin 2* | • Nasusuri ang transpormasyon ng mga pamayanan at estado sa Timog at Kanlurang Asya sa pagpasok ng mga isipan at impluwensiyang kanluranin sa larangan ng (a) pamamahala, (b) kabuhayan, (c) teknolohiya, (d) lipunan, (e) paniniwala, (f) pagpapahalaga, at (g) sining at kultura.<br>• Naipapaliwanag ang mga nagbago at nanatili sa ilalim ng kolonyalismo<br>• Natataya ang mga epekto ng kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya<br>• Naihahambing ang mga karanasan sa Timog at Kanlurang Asya sa ilalim ng kolonyalismo at imperyalismong kanluranin |
| *Aralin 3* | • Nabibigyang-halaga ang papel ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya<br>• Nasusuri ang mga salik at pangyayaring nagbigay daan sa pag-usbong at pag-unlad ng nasyonalismo<br>• Naipapaliwanag ang iba't ibang manipestasyon ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya<br>• Naipapahayag ang pagpapahalaga sa bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya tungo sa paglaya ng mga bansa mula sa imperyalismo<br>• Nasusuri ang epekto ng nasyonalismo sa sigalot etniko sa Asya katulad ng partisyon/ paghahati ng India at Pakistan<br>• Nasusuri ang mga pamamaraang ginamit sa Timog at Kanlurang Asya sa pagtatamo ng kalayan mula sa kolonyalismong sa kilusang nasyonalista<br>• Nasusuri ang matinding epekto ng mga digmaang pandaidig sa pag-aangat ng mga malawakang kilusang nasyonalista ( hal: epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig sa pagtatag ng sistemang mandato sa Kanlurang Asya)<br>• Naipapahayag ang pagpapahalaga sa bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay wakas sa imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya |

| | |
|---|---|
| *Aralin 4* | • Nasusuri ang kaugnayan ng iba't ibang ideolohiya (demokrasya, sosyalismo at komunismo) sa mga malawakang kilusang nasyonalista<br>• Nasusuri ang balangkas ng pamahalaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya<br>• Nasusuri at naikukumpara ang mga palatuntunang nagtataguyod sa karapatan ng mga mamamayan sa pangkalahatan at ng kababaihan, grupong katutubo, mga kasapi ng caste sa India at iba pang sektor ng lipunan<br>• Naihahambing ang kalagayan at papel ng kababaihan sa iba't ibang bahagi ng Timog at Kanlurang Asya at ang kanilang ambag sa bansa at rehiyon<br>• Natataya ang epekto ng mga samahang kababaihan at ng mga kalagayang panlipunan sa buhay ng kababaihan tungo sa pagkakapantay-pantay, pagkakataong pang-ekonomiya at karapatang pang-ekonomiya<br>• Natataya ang kinalaman ng edukasyon sa pamumuhay ng mga Asyano<br>• Natataya ang bahaging ginampanan ng relihiyon sa iba't ibang aspeto ng pamumuhay |
| *Aralin 5* | • Naiuugnay ang mga kasalukuyang pagbabagong pang-ekonomiya na naganap/ nagaganap sa kalagayan ng mga bansa<br>• Naihahambing ang mga pagbabago sa mga bansang bumubuo sa ng Timog at Kanlurang<br>• Natataya ang pagkakaiba-iba ng antas ng pagsulong at pag-unlad ng Timog at Timog-Kanlurang Asya gamit ang estadistika at kaugnay na datos.<br>• Nasusuri ang mga anyo at tugon sa neokolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya<br>• Nasusuri ang kinalaman ng edukasyon sa pamumuhay ng mga Asyano Natataya ang epekto ng kalakalan sa pagbabagong pang-ekonomiya at pangkultura ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya<br>• Napapahalagahan ang mga kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya sa larangan ng sining at humanidades at palakasan<br>• Nahihinuha ang pagkakakilanlan ng kulturang Asyano batay sa mga kontribusyong ito. |

☑ **Narito ang grapikong pantulong ng aralin:**




☑ **INAASAHANG KASANAYAN**

Upang maayos mong matapos ang mga gawain sa modyul na ito, kailangan mong tandaan ang mga sumusunod:

1. Nakapagsusuri sa mga dahilan ng kolonyalismo
2. Nakapagpapaliwanag sa mga paraan na ginamit sa pagtatag ng kolonya
3. Nakapagtataya sa mga naging epekto ng kolonyalismo
4. Nakagagawa ng mga grapikong pantulong sa pag-unawa
5. Nakapagpapaliwanag ng mga datos
6. Nakagagawa ng paglalarawan ng ekonomiya.
7. Nakagagamit ng mga materyales mula sa teknolohiya.
8. Nakapagsusuri ng mga dokumento.
9. Nakabubuo ng konseptong mapa.
10. Nakikilahok sa pangkatang talakayan.
11. Nakalilikha ng mga alternatibong sitwasyon


## PANIMULANG PAGTATAYA

Upang mataya ang iyong inisyal na kaalaman tungkol sa mga araling tatalakayin sa modyul na ito, sagutin mo ang *preconception check*. Basahin at unawain mo ang mga pahayag sa ibaba. Lagyan mo ng tsek (/) ang kahon ng mga pahayag na iyong pinaniniwalaan.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

**A1.** Ang mga sumusunod ay pangyayaring nag-udyok sa mga Europeo upang sakupin ang mga Lupain sa Asya, maliban sa:

a. Krusada
b. Ang paglakbay ni Marco Polo
c. Ang pagkakatuklas sa perang papel
d. Ang pag-unlad ng nabigasyon



THE WHITE (?) MAN'S BURDEN.

Gamit ang larawan sa itaas, sagutin ang mga tanong sa ibaba:

**M2.** Ano ang pangunahing konsepto ang ipinahihiwatig ng larawan?

a. Madaling tinaggap ng mga Asyano ang mga Kanluranin
b. Naging madali ang pamumuhay ng mga Asyan sa kamay ng mga Europeo
c. Kapaki-pakinabang sa mga Asyano ang pananakop ng mga Europeo
d. Naging pasanin ng mga Asyano ang mga Europeo

**M3.** Alin sa mga sumusunod ang naging pang-ekonomiyang bunga ng pananakop ng mga Europeo sa Asya?

a. Pagkakaroon ng salinlahi
b. Naging edukado ang mga Asyano
c. Napakinabangan ng mga Kanluranin ang yaman ng Asya na sanay nagamit ng mga Asyano para sa kanilang kaunlaran
d. Gumanda ang pamumuhay ng mga Asyano kasabay ng pagbuti ng pamumuhay ng mga Europeo

**M4.** Basahin at unawain ang ekserp sa ibaba mula sa isinulat ni Marco Polo na *The Venetian Concerning Kingdoms and the Marvels of the East:*

> "Inside the city there is a lake which has a compass of some 30 miles: and all around it are erected beautiful palaces and mansions, of the riches and most exquisite structures that you can imagine belonging to the nobles of the city. There are also on its shores many abbeys and churches of the idolaters.
>
> In the middle of the lake are two islands, on each of which stands a rich, beautiful and spacious edifice, furnished in such style as to seem fit for the palace of an emperor."
>
> Pinagkunan: Kayamanan, Unang Edisyon 2013, pp. 199

Mula sa paglalarawan ni Marco Polo sa kanyang paglalakbay sa Asya, paano ito naging daan upang baguhin ang kuwento ng mga bansang Asyano?

a. Tumatak sa mga Europeo ang paghanga sa taglay na kagandahan ng Asya
b. Ang kahanga-hangang taglay ng mga bansang Asyano ay siya ring ngabigay-daan upang maakit ang mga dayuhan na sakupin ito
c. Mahilig sa magagandang tanawin ang mga Europeo
d. Ninais ng mga Europeo na manirahan sa mga bansa sa Asya

**A5.** Ito ay tumutukoy sa pangyayari kung saan ay nag-aklas ang mga sundalong Indian at Muslim dahil sa kalapastanganan ng mga British sa kanilang paniniwala.

a. Sepoy Mutiny
b. Salt March
c. Black Hole
d. Independence Day

**A6.** Para sa bilang na ito, suriin ang sumusunod na pahayag:

"In a gentle way, you can shake the world"
- Mahatma Gandhi

Batay sa pahayag, alin sa sumusunod ang pamamaraang ginamit ni Gandhi upang ipaglaban ang kanilang kalayaan?

a. Mapayapa
b. Marahas
c. Mapayapa at Marahas
d. Mapanghinuhod

**M7.** Nakamit ng mga Indian ang kanilang kalayaan sa mga British noong 1947 dahil sa pakikipaglaban ni Mohandas Gandhi. Nabuo naman ang bansang Pakistan dahil ipinaglaban nila ang pagkakaroon ng sariling bansa para sa mga Muslim. Samantala, ang mga bansa naman sa Kanlurang Asya ay nakamit ang kalayaan sa mga kanluranin matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. Anong kongklusyon ang mabubuo mo tungkol dito?

a. Ang mga karanasan noong panahon ng kolonyalismo ay nakatulong upang magkaisa ang mga mamamayan
b. Ang nasyonalismo ay nakaimpluwensiya sa mga Asyano upang ipaglaban ang kanilang kalayaan
c. Ang mga Asyano at Kanluranin ay nagkaroon ng mabuting ugnayan noong panahon ng imperyalismo
d. Ang dinaranas na kalayaan at kaunlaran ng mga Asyano sa kasalukuyan ay bunga ng kanilang malalim na pagmamahal sa bansa

**T8.** Bilang bahagi ng isang programa para sa pagkakaisa ng mga Asyano, magkakaroon ng exhibit tungkol sa mga kilalang Asyano na nagpamalas ng damdaming nasyonalismo. Ikaw ay naatasan na gumawa ng campaign material tungkol sa napili mong personalidad. Ilalahad mo ito sa mga opisyal na bumubuo ng exhibit. Alin sa sumusunod ang angkop na gawin?

a. Poster
b. Slogan
c. Essay
d. Proposal

**A9.** Alin sa mga sumusunod na pangyayari ang kapansing-pansing bunga ng tensiyong Cold War?

a. matinding gutom sa mga bansang Asyano
b. pananatiling pangingibabaw ng Estados Unidos sa politikal at ekonomiyang kapangyarihan
c. matinding suliraning ekonomiya para sa Unyong Sobyet
d. pagkakahati ng daigdig sa Silangan at Kanluran

**10-12)** Gamit ang mapa, sagutin ang sumusunod na tanong:




**10.** Anong bansang Asyano na nasa kanluran ng India ay may relihiyong Islam?


a. Bangladesh
b. Pakistan
c. Nepal
d. Bhutan

**A11.** Anu-anong bansang Buddhist ang matatagpuan sa hilaga at timog ng India?

a. Nepal at Sri-Lanka
b. Bangladesh at Myanmar
c. Pakistan at Afghanistan
d. Myanmar at Thailand

**M12**. Sa iyong palagay, ano ang maaring sanhi ng di pagkakaunawaan sa mga bansang ito?

a. pagkakaiba ng pang-ekonomikong katayuan sa buhay
b. pagpapataw ng “curfew” sa pag-aalis ng bahay
c. paggalang at di paggalang sa mga kababaihan
d. hidwaan sa relihiyon at pagkaiba sa pinagmulang pangkat-etniko



**M13.** Batay sa larawang nakikita, ano ang iyong mahihinuha nito tungkol sa patuloy na transpormasyon ng timog at kanlurang Asya?

a. Kailangan ng lubos na paggalang sa isa't isa upang makamit ang katatagan at katahimikan ng mga bansa.
b. Ang patuloy na pag-unlad sa mga bansang Asyano ay nakabatay sa sariling mga pagsisikap nito at pananaw kung papaano maiangat ang mga katayuan sa buhay.
c. Mahalagang bahagi ng buhay at kultura ang edukasyon.
d. Mahaharap sa matinding paghamon ang mga bansa sa timog at kanlurang Asya nang makamit ang kaunlaran.

**T14.** "Hindi kaseguruhan ng pag-unlad ang pagbabago, ngunit ang pag-unlad ay nangangailangan ng pagbabago".
Kung ikaw ay naatasang patatagin ang mga patakarang pang-edukasyon para sa mga bansang Asyano sa Timog at Kanlurang Asya, alin sa mga sumusunod ang bigyan mo ng kahalagahan?

a. pagkakaloob ng edukasyon para sa lahat ng mga kabataan
b. pagpapaabot ng edukasyon para sa lahat
c. pag-aayon sa Batas ng relihiyon
d. paggamit ng "Mother Tongue"

**T15.** Ikaw ay naatasang gumawa ng isang leaflet campaign material para sa isang kababaihang programang "BIDA BEST BABAE". Anu-anong mga kriteria ang iyong hahanapin sa leaflet campaign material?

a. makatotohanan at maraming ebidensya
b. malikhain at maraming larawan
c. mapagkahulugan at naaayon sa panahon
d. impormatibo, malikhain, makabuluhan at makatotohanan

**A16.** Alin sa mga sumusunod ang nagtataguyod ng mga programang makatutulong sa edukasyon at kalusugan ng mga bata at kababaihan sa mahihirap na bansa?

a. Ford Foundation Organization

b. UNICEF
c. UN Security Council
d. Kilusang Mayo Uno

**A17.** Ano ang naging bunga ng pagbabawal ng kaugaliang suttee sa India?
a. Itinakwil ang babae ngkanyang pamilya.
b. Walang karapatang mamuno ang mga babae.
c. Hindi na sila pwedeng mag-asawa.
d. Nabigyan ng karapatan ng maayos na pamumuhay.

**A18.** Sino ang namuno sa mga Hindu upang ipaglaban ang kanilang kalayaan laban sa mga British?
a. Jawaharlal Nehru
b. Mohandas Gandhi
c. Sirimavo Bandaranaike
d. Indira Gandhi

**M19.** Nakamit ng mga Indian ang kanilang kalayaan sa mga British noong 1947 dahil sa pakikipaglaban ni Mohandas Gandhi. Nabuo naman ang bansang Pakistan dahil ipinaglaban nila ang pagkakaroon ng sariling bansa para sa mga Muslim. Samantala, ang mga bansa naman sa Kanlurang Asya ay nakamit ang kalayaan sa mga kanluranin matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. Anong kongklusyon ang mabubuo mo tungkol dito?
a. Ang mga karanasan noong panahon ng kolonyalismo ay nakatulong upang magkaisa ang mga mamamayan
b. Ang nasyonalismo ay nakaimpluwensiya sa mga Asyano upang ipaglaban ang kanilang kalayaan
c. Ang mga Asyano at Kanluranin ay nagkaroon ng mabuting ugnayan noong panahon ng imperyalismo
d. Ang dinaranas na kalayaan at kaunlaran ng mga Asyano sa kasalukuyan ay bunga ng kanilang malalim na pagmamahal sa bansa

**A20.** Alin sa mga sumusunod na organisasyon ang tumutulong sa pag-angat ng katayuan ng mga kababaihan sa India?
a. Gabriela
b. Jaipur Rugs Organization
c. UN Security Council
d. World Health Organization

# ARALIN 1: Konsepto ng Kolonyalismo at Imperyalismo

## PAGTUKLAS

Simulan natin ang modyul na ito sa pamamagitan ng isag gawain

### GAWAIN 1 Conceptual Matrix

Sa ibaba ay makikita ang isang Conceptual Matrix na kung saan magiging pangunahing gabay mo upang mamonitor ang daloy ng pagbabago ng iyong natutunan. Sa pagkakataong ito, sasagutin mo lamang ang unang kahon, samantalang ang iba pang kahon ay sa susunod na mga gawin.

Isusulat mo ngayon sa unang kolum ang iyong dating kaalaman na may kaugnayan sa iyong ideya ukol sa konsepto ng Kolonyalismo at imperyalimong Kanluranin sa Asya.

**Ang Aking Konsepto ng Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin**

| ***(My Beginning Ideas)*** Sa aking palagay, ang koloyalismo at impreyalismong kanluran ay… | **(My New Ideas)** Natuklasan ko na ang kolonyalismo at impreyalismong kanluraning ay… | **(My Application)** Makikita ko ang natuklasan ko sa tunay na buhay kapag… |
|---|---|---|
| 1.<br>2.<br>3.<br>4. | | |

Sa iyong pagsisimula sa modyul nais kong malaman ang iyong inisyal na kasagutan ukol sa tanong na ito *Paano nakamit ang Transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?* Ang kaparehong tanong ay madalas mong makikita sa bawat gawain dahil magsisilbi itong gabay sa ninanais kong pag-unawa na mahubog mo sa iyong sarili. Sa ibaba, simulan mo na ang pagsagot.

Sagutin ang mga inihandang tanong.

*Paano nakamit ang Transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?*

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
____________.

Ang mga ideyang isinulat mo sa itaas ay ang iyong mga panimulang kaalaman ukol sa paksa. Sa pagpapatuloy mo sa aralin, may mga ideya kang maaaring patotohanan, mayroon naming kailangang isasantabi. Kaya simulan mo na!

## GAWAIN 2 Poem Analysis

Sa ibaba ay isang tula. Basahin at unawain mo ito. Ito ay may kaugnayan sa paksang tatalakayin. Matapos nito, sagutin mo ang mga tanong sa ibaba.

*Ang tulang ito ay isinulat ng isang African Child na kung saan nominado sa United Nations bilang "Best Poem in 2006"*

Colour

When I born, I black; When I grow up I black;
When I go in sun I black; When I scared, I black;
When I sick, I black; When I die, I still black;
And U white fellows; When U born, U pink;
When U grow up, U white; When U go in sun, U red;
When U cold, U blue; When U scared, U yellow;
When U sick, U green; When U die, U grey;
And U call me coloured.

Pag-isipan at sagutin mo ito:

1. Ano ang nilalaman ng tula? Ano ang ipinahihiwatig ng tula?
______________________________________________
______________________________________________
2. Saan mo maihahalintulad ang tulang binasa? Bakit?
______________________________________________
______________________________________________
3. Paano maiiwasan ang ganitong uri n kalagayan?
______________________________________________
______________________________________________
4. Paano mo maitataguyod ang pagkakapantay-pantay sa gitna ng pagkakaiba-iba ng kulay?
______________________________________________
______________________________________________
5. Paano nakamit ang pagbabago sa lipunang Asyano?
______________________________________________
______________________________________________
6. ***Paano nakamit ang Transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?***
______________________________________________
______________________________________________

**KATAPUSANG BAHAGI NG PAGTUKLAS**

Naibigay mo na ang iyong inisyal na kaisipan tungkol sa Konsepto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.

Hinihikayat kitang basahin, unawain at sagutin lahat ng gawain upang matutunan, maunawaan at magawa mo ng tama ang mga dapat maisakatuparan sa aralin na ito. Ang lahat ng gawain dito ay sadyang inilaan upang maging handa ka sa gagawin mong perpormans/proyekto sa pagtatapos ng modyul.

Ang proyekto na iyong gagawin ay magpapakita ng masusing pagsusuri tungkol sa isang material campaign sa pagpili ng isang IDOL ng lipunan na nagsusulong ng patuloy na pagbabago at pag-unlad sa kasalukuyang panahon

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ay matutuhan at maunawaan mo ang mga pangunahing konsepto tungkol sa *separation of powers, checks and balances*, istruktura, kapangyarihan at tungkulin ng pamahalaang pambansa at pamahalaang lokal.

Pagnilay-nilayan ang tanong: ***Paano nakamit ang Transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?***

## GAWAIN 3 Vocabulary Journal: Talaan ng mga terminolohiya tungkol Kolonyalismo / Imperyalismo

Gamit ang worksheet, hahanapin mo ang kahulugan ng mga terminolohiya na nasa ibaba, maaari kang gumamit ng teksbuk, diksyunaryo o web sa pagbibigay pakahulugan.

| TERMINOLOHIYA | KAHULUGAN |
|---|---|
| Kolonyalismo | |
| Imperyalismo | |
| Kanluranin | |
| Merkantilismo | |
| *Sphere of Influence* | |
| Astrolabe | |
| *Compass* | |
| Kapital | |
| Rebolusyong Industriyal | |
| Industriyalisasyon | |

Pag-isipan at sagutin mo ito:

1. Ano ang pagkakatulad ng mga terminolohiya sa itaas?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano kaya nakaaapekto ang mga ito sa kalagayang panlipunan natin ngayon?
3. ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Sa kasalukuyan, may bakas pa rin ba ng imperyalismo? Kolonyalismo? Insustriyalisasyon? Ipaliwanag.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

5. Ano ang iyong magagawa upang mapanatili ang pagsasarili ng ating bansa?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

6. Paano nakamit ng mga Pilipino ang kanilang pagsasarili?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

7. ***Paano nakamit ang Transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?***

   ______________________________________________

   ______________________________________________

*Upang higit na maunawaan ang mga terminolohiya sa itaas, pag-aralan mo ang susunod na graphic organizer at sagutin ang tanong.*

## GAWAIN 4 Concept of Definition Map

Narito ang concept of definition map. Pag-aralan mo ito ng mabuti at sagutin ang mga tanong.

*Kahulugan*
*Isang malupit o hindi makatarungang pamamahala ng isang estado*

**IMPERYALISMO**

*Katulad*
*Kolonyalismo – tuwirng pananakop ng isang bayan sa iba a upang mapagsamantalahan ang yaman nito at makuha rito ang iba pang pangangailangan ng mangongolonya*

*Halimbawa*
*Pagkontrol sa ekonomiya*

*Halimbawa*
*Pagkontrol sa pulitika*

*Halimbawa*
*Pagkontrol sa yaman*

*Halimbawa*
*Impluwensya sa relihiyon*

Pag-isipan at sagutin mo ito:

1. Ano ang pagkakatulad o pagkakaiba ang kolonyalismo at imperyalismo?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
2. Paano nakaaapekto sa relasyon ng mga bansa ang pananakop at pagmamalupit?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
3. Paano ang ugnayan ng mga bansa sa kasalukuyan?
   ____________________________________________
   ____________________________________________

4. Ano ang iyong magagawa upang mapanatili ang pagsasarili ng ating bansa?

   ___________________________________________

   ___________________________________________

5. ***Paano nakamit ang Transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?***

   ___________________________________________

   ___________________________________________

## GAWAIN 5 Pagbasa ng Teksto

Basahin ang teksto sa ibab tungkol sa mga pangyayaring nag-udyok sa mga Europeo upang sakupin ang mga lupain sa Asya.

**Mga Pangyayaring Nag-udyok sa mga Europeo upang Sakupin ang mga Lupain sa Asya.**

**Ang Krusada** ay banal sa pakikidigma ng mga Kristiyanong Europeo laban sa mga Muslim. Samantalang **Jihad** naman ang tawag ng mga Muslim sa banal na pakikidigmang ito. Pangunahing launi ng Krusada na mabawi at palayain ang lupaing Asyano na napasakamay ng mga Muslim.

**Ang Sistemang Pang-ekonomiya**. Mula sa **Piyudalismo** na ang batayan ng yaman at kapangyarihan ay lawak ng lupain, napalitan ng **Merkatilismo** ang sistemang pang-ekonomiya ng Europa nang sumibol ang mga bayan at lungsod at lumawak ang kalakalan. Sa sistemang ito, dami ng ginto at pilak ang batayan ng yaman at kapangyarihan.

**Ang Paglakbay ni Marco Polo.** Siya manlalakbay mula sa Venice, Italy na nakarating sa China na binigyan siya ng posisyon sa pamahalaan ni Kublai Khan. Sa kanyang pagbaalik sa Europa, isinulat niya ang kanyang karansan sa aklat na *The Travels of Marco Polo*. Inilahad niya rito ang kultura at yaman ng silangan higit sa lahat ang China. Kaya napukaw nito ang interes ng mga Kanluranin sa Asya.

**Ang pag-unlad ng Nabigasyon.** Nanguna ang Spain at Portugal sa paglalayag papuntang Silangan na suportado ng kanilang mga hari. Pinangunahan ni ***Prince Henry, the Navigator*** ng Portugal ang paggalugad ng mga baybayin sa Africa. Sa panahong ito, pinaunlad ang kaalaman sa paglalayag, nagpatayo ng mga unibersidad pangnnabigasyon. Kasabay din ang makabagong imbensiyong kagamitan tulad ng *astrolabe* (panukat ng anggulo ng bituin at araw), *compass* (gabay sa Tamang Direksiyon), *portolani (mapa na pangnabigasyon na ginagamitan ng compass para sa direksyon), mercator projection* (mapa; longitude at latitude ng mga lugar, *sextant* (panuukat ng taas ng araw at bituin) at malalaking barko.

Dahilan sa mga pangyayari sa itaas, nagbigay-daan ito upang maisakatuparan ng mga Europeo ang mga ninanais nito sa Asya.

**PANG-EKONOMIYA.** Dahil sa umiiral na sistemang pang-ekonomiya merkantilismo sa Europa, naging kuhanan ng mahahalagang metal tulad ng ginto at pilak ang Asya. Kasabay nito ang mga pagnanais din na nakuha ang mga pampalasa o rekado na mayaman sa Asya lalung-lalo ang Moluccas o *Spice Island.* Dagdag pa nito ang kapanahunan ng industriyalisasyon kung saan nangangailangan ang mga Europeo ang mga hilaw na sangkap gayundin ang pamilihan ng mga yaring produkto nito. Kaya naman naging sagot sa mga pangangailangang ito ang mga lupain sa Asya.

**PAMPULITIKA.** Sa paghahangad ng mga Europeo na maging makapangyarihan at mangibabaw sa lahat, pinalawak nito ang kanilang mga lupain. Ang ***kolonyalismo*** ay pananakop o pamumuno ng isang makapangyarihang bansa sa ibang bansa o rehiyon. Layunin nitong kontrolin ang ekonomiya at pulita ng sinakop. Samantalang ang ***imperyalismo*** ay pananakop ng isang lupain upang magtayo ng imperyo, pagpapalawak ng lupaing saklaw sa pamamagitan ng pananakop.


**PANRELIHIYON.** Kasama sa layunin ng mga taga-Kanluran sa pananakop ng mga lupaing Asyano ay upang ipalaganap ang kanilang paniniwala ang ***Kristiyanismo.*** Kasabay ng pagpapalaganap ng Kristiyanismo, pinalaganap din ng mga Muslim ang kanilang relihiyon ang ***Islam.*** Ang paggamit ng rehiliyon sa pananakop ng mga Kanluranin ay nakakuha sa kalooban ng mga mamamayan na kanilang sasakupin.

Santiago, et al. (2012). Araling Asyano, pp 265-268.

*Gamitin ang teksto sa unahang pahina upang masagot ang tsart sa ibaba.*

## GAWAIN 6 Cause-Evidence Chart

Nasa ibaba ang tsart ng *cause-evidence chart* kung saan kailangan mong punan ng angkop na impormasyon ukol sa mga dahilan at patunay ng pananakop ng mga Europeo sa Asya.




<u>Pag-isipan at sagutin mo ito:</u>

1. Ano ang mga pangunahing dahilan ng kolonyalismo?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Paano nakatulong ang krusada, paglalakbay ni Marco Polo at mga pagbabago sa nabigasyon sa pananakop ng mga Kanluranin sa Timog at Timog Kanlurang Asya?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Paano binago ng mga Kanluranin ang lipunang Asyano sa kanilang pananakop?

______________________________________________
______________________________________________

4. Paano Kung ikaw ay namumuhay sa panahong iyon, paano ka kaya tumugon sa nangyaring pananakop? Bakit?

______________________________________________
______________________________________________

5. ***Paano nakamit ang Transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?***

______________________________________________
______________________________________________

## GAWAIN 7 Conceptual Matrix

Isulat mo ngayon sa ibaba ng *restructure idea* ang mga pagbabago sa iyong kasagutan.

Ang Aking Konsepto ng Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin at sagutin mahalagang tanong na din ang ***Paano nakamit ang Transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?***

| ***(My Beginning Ideas)*** Sa aking palagay, ang koloyalismo at impreyalismong kanluran ay… | ***(My New Ideas)*** Natuklasan ko na ang kolonyalismo at impreyalismong kanluraning ay… | ***(My Application)*** Makikita ko ang natuklasan ko sa tunay na buhay kapag… |
|---|---|---|
| | 1.<br><br>2.<br><br>3.<br><br>4. | |

Sa bahaging ito ng aralin ay natutunan mo ang mahahalagang terminolohiya, gawi at kaparaanan ng imperyalismo. Nasuri mo rin ang mga pangyayaring nagbigay-daan upang sakupin ng mga Kanluranin ang mga lupain sa Asya.

Ngayon na alam mo na ang mahahalaganag konsepto tungkol sa paksa, dumako tayo sa pagpapalalim sa pamamagitan ng susunod na bahagi.


## PAGPAPALALIM

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay higit na maunawaan ang iba pang aspekto ng aralin ukol sa mga proseso ng institusyong demokratiko ng bansa. Makatutulong sa iyong lubos na pag-unawa ang mga susunod na mga gawain upang madagdagan ang iyong bagong kaalaman tungkol sa iyong pagiging mapanagutang mamamayan.

Sa bandag ito ay higit na makita at maunawaan ang iba pang aspeto ng paksa ukol sa konsepto ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin sa Asya. Ang susunod na mga gawain ay makatutulong sa iyong pagtuklas sa mga bagong kaalaman.

### GAWAIN 8 Case Study Analysis

Pag-aralang mabuti ang editorial kartun at suriin kung ano ang ipinahiiwatig nito at pagkatapos ay unawain ang case study nito sa ibaba. Maaarin ring bisitahin ang website na ito upang lubos na maunawaan ang case study.
http://www.youtube.com/watch?v=zoLkYBjha0U at
http://www.youtube.com/watch?v=qlJs-Hir-XQ



THE WHITE (?) MAN'S BURDEN.

Pinagkunan:
http://www.google.com.ph/imgres?um=1&hl=fil&biw=1024&bih=471&tbm=isch&tbnid=IjO3ZEGIA1vWhM:&imgrefurl=

| **CASE STUDY ANALYSIS** | |
|---|---|
| Pamagat | |
| Pinagkunan | |
| Author | |
| Introduksyon | |
| Paglalarawan ng kaso | |
| Talakayan | |
| Pagtatapos | |

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang kapansin-pansin sa larawan o sa video o poem?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
2. Ano ang pagpapakahulugan ninyo sa linyang *The White Man's Burden?*
   ______________________________________________
   ______________________________________________
3. Kung parehong nakikinabang ang nanakop at sinakop, nangangahulugan lamang na nakabubuti ang kolonyalismo? Ipaliwanag.
   ______________________________________________
   ______________________________________________
4. Paano nagaganap ang kolonyalismo sa kasalukuyang lipunan?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
5. Paano tumugon ang mga Asyano sa kolonyalismong Kanluranin?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

## GAWAIN 9 Video Analysis on Campaign against discrimination

I-klik lamang ang *link* na nasa ibaba upang mapanood ang video http://www.youtube.com/watch?v=Fu3hUlWr3u8&feature=fvwrel. Ang link na ito ay tungkol sa multiculturalism

| Katangian ng Multiculturalism | Paano mo itataguyod ang Multiculturalism? |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| **Ang aking natutunan:** | |

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang multiculturalism?

   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Paano mo maihahalintulad ang konseptong napanood sa paksang tinatalakay?

   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Paano nakaaapekto ang kulay ng balat. Estado sa buhay at paniniwala sa ugnayan ng mga Asyano at Kanluranin ngayon?

   ______________________________________________
   ______________________________________________

4. Paano tumugon ang mga Asyano sa kolonyalismong Kanluranin?

   ______________________________________________
   ______________________________________________

## ☑ KATAPUSANG BAHAGI NG PAGPAPALALIM

Sa bahaging ito ng aralin, nakatuon ang iyong pagsusuri sa naging bunga ng pananakop. Nakita mong ang resulta ng pananakop ay hindi lamang purong positibo sa parte ng mga mananakop, kundi kaakibat nito

ang mga obligasyon kung paano nito tutugunan ang pangangailangan ng kolonya.
Gayundin ang diskusyon ay may kaugnayan sa pagsusuri sa mga epekto ng pananakop ng mga Kanluranin gamit ang editorial kartun at video analysis.

## GAWAIN 10 EXIT CARD

Bago ka dumako sa susunod na gawain, sagutin mo muna ang aktibiti upang maipakita kung gaano kalalim ang iyong natutunan sa aralin. Lagyan ng tsek ang pahayag sa ibaba kung saan nagpapakita ng iyong pagpapahaaga at ekis (x) naman kung hindi.

| Sagot | Mga Pahayag |
|---|---|
| | 1. Tinatangkilik ko ang mga pagpapahalagang Kanluranin |
| | 2. Sinasang-ayunan ko ang pandarayuhan ng mga negosyanteng Kanluranin sa bansa |
| | 3. Sinusuportahan ko ang pagkakapantay-pantay ng lahat sa anumang aspeto |
| | 4. Ipinagtatanggol ko ang *multiculturalism* |
| | 5. Ipinamagmamalaki ko na ako'y isang Asyano |

Kung ang sagot mo sa lahat ng bilang ay tesk (√) nangangahulugan lamang na kailanagan unawain mo pa ang paksang tinatalakay. Kung ang sagot mo sa bilang 1 at 2 ay (x) at para sa bilang 3-5 ay (√) nagpapakita lamang ito ng lubos na pag-unawa sa paksa at pagpapahalaga sa pagkakapantay-pantay, at binabati kita sa iyong ipinakitang pag-unawa sa aralin.

Sa pagkakataong ito, kailangan mo nang tumuloy sa susunod na Gawain.

## GAWAIN 11 Conceptual Matrix

Balikan mo ngayon ang Conceptual Matrix at sagutin ang huling kolum. Isulat mo ngayon sa ibaba ng *apply ideas na* iyong natutunan at kung paano mo ito magagamit sa iyong ang-araw-araw na pamumuhay.

Ang Aking Konsepto ng Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin at sagutin mahalagang tanong na din ang ***Paano nakamit ang Transpormasyon sa***

***Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?***

| ***(My Beginning Ideas)*** Sa aking palagay, ang koloyalismo at impreyalismong kanluran ay… | ***(My New Ideas)*** Natuklasan ko na ang kolonyalismo at impreyalismong kanluraning ay… | ***(My Application)*** Makikita ko ang natuklasan ko sa tunay na buhay kapag… |
|---|---|---|
| | | 1.<br><br>2.<br><br>3.<br><br>4. |

Ano ang iyong mga napagtanto o natutunan na may kaugnayan sa paksa? Paano mo ito maiuugnay sa iyong sarili?

Ngayon na may malalim na pag-unawa ka na ukol sa paksa, ikaw ay handa na upang gawin ang susunod na bahagi.

## PAGLILIPAT


Ang layunin mo sa bahaging ito ay magamit ang iyong natutunan sa tunay na buhay. Ikaw ay bibigyan ng isang pagsasanay upang maipakita ang iyog pag-unawa sa paksa

## PREPARATION FOR LEVEL 1

**GAWAIN 12** **Pagsusuri ng Isang Campaign Material**

**TASK**

Suriin mong mabuti ang isang campaign material na nasa ibaba at sagutin ang mga tanong ukol dito.




PROCESS QUESTIONS:

1. Ano ang pinag-uusapan ng mga pangunahig tauhan sa comic?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Ano ang basehan nila sa pag-aangkin ng teritoryo?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Makatarungan ba ang ginawang pag-angkin sa teritoryong may naninirahan na bago pa man sila dumating?

_______________________________________________

_______________________________________________


4. Paano tumugon ang minoridad sa kalagayang ito?

_______________________________________________

_______________________________________________

5. Sa bahaging ito, gagawa ka ngayon ng sarili mong diskusyon kung saan ipakikita ang magiging nilalaman ng usapan kung ikaw ang pinuno ng mga tauhan sa sa comic.

6. Ang diskusyong gagawin ay magpapakita ng pagtugon ng pinuno sa desisyon ng lahat ng nasasakupan maging sila man ay nakararami o minoridad.



Pagkatapos gawin ang advocacy campaign sa itaas, gawin ang self-assessment checklist sa ibaba upang matuos ang sariling pagpapahalaga sa kapakanan ng iba.

Kumusta ang ginawa mong dayalogo? Nais kong sagutin mo ang susunod na Gawain upang matanto ko ang lalim ng pag-unawang ipinamalas mo sa desisyon sa itaas na gawain.

## GAWAIN 13 Self-Assessment Checklist

Unawain ang mga tanong sa self-assessment checklist at sagutin ito ayon sa katumbas na numero, kung saan ang bilang (4) ay nangangahulugan ng *lubos na pagsang-ayon,* (3) *pagsang-ayon*, (2) *di-sigurado* (1) d*i-pagsang-ayon.* Lagyan lamang ng check ang kahon.

| Mga Pahayag | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| 1. Handang isakripisyo ang sariling kapakanan para sa pagkakapantay-pantay | | | | |
| 2. Ang desisyon ay ayon sa bisyon ng pagtatanggol sa minoriya | | | | |
| 3. Pinakikinggan ang opinyon ng iilan | | | | |
| 4. Binibigyan ng pagkakataon ang lahat na mapakinggan | | | | |
| 5. Tumatanggap ng tulong o suhestiyon mula sa iba | | | | |

Matapos sagutin ang checklist, kunin ang toatal ng sagot at tingnan ang ipinahihiwatig nito tungkol sa iyo. Kung ang nakuhang total ay:
(1-5) – May kakulangan ang kakayahang ipagtanggol ang kakaunti ang bilang
(6-10) – Papaunlad ang kakayahang ipagtanggol ang kakaunti ang bilang
(11-15) - Kalugod-lugod ang ipikakitang kakayahan sa pamumuno
(16-20) - Napakahusay mo na maging lider

Mga pamprosesong tanong:

1. Ano ang naging resulta ng iyong self-assessment?
______________________________________________
______________________________________________
2. Ang result aba nito ay nagsasabi kung ano ang iyong pananaw sa buhay? Bakit?
______________________________________________
______________________________________________
3. Kung di mo nakuha ang pinakamataas na *bracket*, ano ang dapat mong gawin?
______________________________________________
______________________________________________
4. Paano ka tutugon kapag may pang-aaping nangyayari sa paligid mo lalo na sa minorya?
______________________________________________
______________________________________________
5. Paano tumugon ang mga Pilipino sa kolonyalismong naranasan?
______________________________________________
______________________________________________
6. Paano tumugon ang mga Asyano sa kolonyalismong Kanluranin?
______________________________________________
______________________________________________

## ☑ KATAPUSANG BAHAGI NG PAGLILIPAT

Natapos mo na ang araling ito. Bago mo simulan ang susunod na arlin, sagutin mo muna ang mga sumusunod na tanong sa post-assessment.

Sa pagtatapos ng bahaging ito, ang iyong isinagawa ay ang pagganap sa papel ng isang pinuno ng isang pangkat. Ipinakita mo kung paano ang pamumuno ng isang pinuno.

Ngayon naman ay pagnilayan mo ang katanungan na: **Paano nakamit ang Transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?**

## POST ASSESSMENT

**A1).** Sino ang kilalang Venetian Merchant na nakarating sa China na naglarwan ng kanyang ginawang paglalakbay?

a. Marco Polo
b. Ferdinand Magellan
c. Bartolomew Diaz
d. Prince Henry, The Navigator

**M2).** Paano binago ng kolonyalismo at impryalismo ang kasaysayan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?

a. Maraming bansa sa Asya ang nagkaroon ng rehiyon
b. Naging edukado at kayang makipag-kompetensiya ng mga Asyano
c. Nagkaroon ng pagkakataong makapaglakbay sa ibang bansa
d. Ang kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin ay nagdulot ng pagababago sa maraming aspeto ng buhay Asyano: relihiyon, edukasyon, ekonomiya, etc.

**M3).** Paano tumugon sa hamon ng pagbabago ang mga Asyano?

a. Nag-asla sila laban sa mga Kanluranin
b. Naging madali sa mga Asyano ang pagtaggap sa mga Kanluranin dahil na rin sa pagbabagong dulot nito
c. Mahirap man para sa mga Asyano ang pagbabago, subalit tinanggap na lamang nila ito
d. Iba-iba ang ginawang pagtanggap ng mga Asyano sa pagbabagong dala ng mga Kanluranin

**T4).** Sa darating na Oktubre ay ipagdidiriwang ang United Nations Day. Isa sa mga aktibidad na idadaos sa inyong lungsod ay ang kampanya laban sa pagtataguyod ng Kalayaan at pagpapahalaga sa Kapayapaan. Ikaw, bilang isang Freedon Advocate ay naatasang mamuno sa gawaing ito. Kaya naman naglunsad ka ng paligsahan sa paggawa ng isang *"Campain Material"* upanng itaguyod ang kalayaan. Alin sa mga sumusunod na pamantayan ang akma na gagamitin?

a. Napapanahon, malikhain at may maraming larawan
b. Impormatibo, malikhain, kaangkupan at makatotohanan
c. Makatotohanan, malikhain at may maraming ebidensya

d. Impormatibo, mapagkahulugan at naaayon sa panahon

**T5.** Ang pananakop ng mga bansang Europeo ay nagdulot ng parehong mabubuti at hindi mabubuti sa mga mamamayan ng nasakop na bansa. Sa kasalukuyang panahon, patuloy pa rin na makikita ang pananakop ng mga Kanluranin sa iba't ibang anyo. Ikaw bilang isang mapagmahal sa kapayapaan, paano mo pangangalagaan ang kalayaan na tinatamsa ngayon?

a. Igalang ang kalayaang tinatamasa ng kapwa
b. Manguna sa mga programa ng pamahalaan
c. Mag-organisa ng isang advocacy campaign
d. Dadalo sa pagdiriwang ng Rizal Day

**A6.** Bakit kinakailangang humanay ng mga bagong tatag pa lamang ng mga bansang Asyano sa alinman sa superpowers nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
a. Dahil sa panahong ito ang mga superpowers ang kinikilalang pinakamalakas na mga bansa na siyang tutulong sa kanila sakaling may
pagsasalakay na mangyayari.
b. Dahil sa parusang ipaparatang sa mga bansa sakaling wala itong kinakampihan.
c. Dahil sa ang mga bansa ay pipili lang sa dalawang pinapairal na ideolohiya, ang komunismo at demokrasya.
d. Dahil sa hindi kaya ng mga bansang ito ang pagsasarili.

**A7.** Sino ang namuno sa mga Hindu upang ipaglaban ang kanilang kalayaan laban sa mga British?
a. Jawaharlal Nehru
b. Mohandas Gandhi
c. Sirimavo Bandaranaike
d. Indira Gandhi

**M8.** Nakamit ng mga Indian ang kanilang kalayaan sa mga British noong 1947 dahil sa pakikipaglaban ni Mohandas Gandhi. Nabuo naman ang bansang Pakistan dahil ipinaglaban nila ang pagkakaroon ng sariling bansa para sa mga Muslim. Samantala, ang mga bansa naman sa Kanlurang Asya ay nakamit ang kalayaan sa mga kanluranin matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. Anong kongklusyon ang mabubuo mo tungkol dito?
a. Ang mga karanasan noong panahon ng kolonyalismo ay nakatulong upang magkaisa ang mga mamamayan
b. Ang nasyonalismo ay nakaimpluwensiya sa mga Asyano upang ipaglaban ang kanilang kalayaan
c. Ang mga Asyano at Kanluranin ay nagkaroon ng mabuting ugnayan noong panahon ng imperyalismo

d. Ang dinaranas na kalayaan at kaunlaran ng mga Asyano sa kasalukuyanay bunga ng kanilang malalim na pagmamahal sa bansa

**T9.** Bilang bahagi ng isang programa para sa pagkakaisa ng mga Asyano, magkakaroon ng exhibit tungkol sa mga kilalang Asyano na nagpamalas ng damdaming nasyonalismo. Ikaw ay naatasan na gumawa ng campaign material tungkol sa napili mong personalidad. Ilalahad mo ito sa mga opisyal na bumubuo ng exhibit. Alin sa sumusunod ang angkop na gawin?

a. Poster
b. Slogan
c. Essay
d. Proposal

**A10**. Bakit buong pusong isinasagawa ang sati sa India?
a. Dahil sa paniniwalang mawala ang mga kasalanan nila kung sumakabilang buhay na.
b. Dahil sa tradisyong sinusunod at pagtutol sa modernisasyon.
c. Dahil sa ito ay paglilinis ng kasalanan ng asawang lalaki at maging ng biyuda.
d. Dahil sa paniniwalang makamtan ng mag-asawa ang kapayapaan sa kabilang buhay.

**M11.** Sa kasalukuyan marami na rin ang mga kababaihang Asyano ang may hawak na mataas na posisyon sa pamahalaan. Bakit may kakayahang humawak ng mataas na posisyon sa pamahalaan ang babaeng Asyano?
a. Dahil sa siya ay ipinaganak na may kakayahang maging isang lider.
b. Dahil sa mga patunay na may mga lider na sa Asya na mga kababaihang pumantay sa kakayahan ng mga lalaking pinuno.
c. Dahil bawat mamamayan ay may pantay-pantay na karapatang mamuno sa mundong ginagalawan.
d. Dahil ang mga babae ay may edukasyon din tulad ng mga lalaki.

**T12.** Ikaw ay isang tagasulong ng mga karapatan para sa kababaihan. Gusto mong mapaalam ito sa karamihan kaya naisipan mong gumawa ng isang campaign material para sa karapatan ng mga kababaihan sa Asya. Alin sa mga sumusunod na isyu ang uunahin mong matugunan?
a. Diskriminasyon sa paggawaan
b. Sex trafficking
c. Wife battery
d. Edukasyon

**T13.** Ikaw ay naimbitahang maging isang tagapagsalita ng mga kababaihan sa Asya sa isang convention. Ang tema nito ay "Transpormasyon ng mga Kababaihan sa Asya". Alin sa mga sumusunod ang iyong gagawin upang paghandaan ang okasyon?

a. Magbibigay ng mga larawan ng mga kababaihan na nasa pulitika
b. Maghahanda ng magagandang halimbawa para hindi mawala ang interes ng mga tagapakinig
c. Pipili ng mga kuwento na makapagbibigay ng inspirasyon at maksasagot sa paksang ibinigay
d. Gagamit ng makabagong teknolohiya sa presentasyon para sila ay mapahanga

**A14.** Alin sa mga sumusunod na organisasyon ang tumutulong sa pag-angat ng katayuan ng mga kababaihan sa India?

a. Gabriela
b. Jaipur Rugs Organization
c. UN Security Council
d. World Health Organization

**M.15.** Alin sa mga sumusunod ang naging pang-ekonomiyang bunga ng pananakop ng mga Europeo sa Asya?

a. Pagkakaroon ng salinlahi
b. Naging edukado ang mga Asyano
c. Napakinabangan ng mga Kanluranin ang yaman ng Asya na sanay nagamit ng mga Asyano para sa kanilang kaunlaran
d. Gumanda ang pamumuhay ng mga Asyano kasabay ng pagbuti ng pamumuhay ng mga Europeo

**A16.** Ito ay tumutukoy sa pangyayari kung saan ay nag-aklas ang mga sundalong Indian at Muslim dahil sa kalapastanganan ng mga British sa kanilang paniniwala.

a. Sepoy Mutiny
b. Salt March
c. Black Hole
d. Independence Day

**M17.** Para sa bilang na ito, suriin ang sumusunod na pahayag:

"In a gentle way, you can shake the world"
- Mahatma Gandhi

Batay sa pahayag, alin sa sumusunod ang pamamaraang ginamit ni Gandhi upang ipaglaban ang kanilang kalayaan?

a. Mapayapa
b. Marahas
c. Mapayapa at Marahas
d. Mapanghinuhod

**M18.** Nakamit ng mga Indian ang kanilang kalayaan sa mga British noong 1947 dahil sa pakikipaglaban ni Mohandas Gandhi. Nabuo naman ang bansang Pakistan dahil ipinaglaban nila ang pagkakaroon ng sariling bansa para sa mga Muslim. Samantala, ang mga bansa naman sa Kanlurang Asya ay nakamit ang kalayaan sa mga kanluranin matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. Anong kongklusyon ang mabubuo mo tungkol dito?

a. Ang mga karanasan noong panahon ng kolonyalismo ay nakatulong upang magkaisa ang mga mamamayan
b. Ang nasyonalismo ay nakaimpluwensiya sa mga Asyano upang ipaglaban ang kanilang kalayaan
c. Ang mga Asyano at Kanluranin ay nagkaroon ng mabuting ugnayan noong panahon ng imperyalismo
d. Ang dinaranas na kalayaan at kaunlaran ng mga Asyano sa kasalukuyan ay bunga ng kanilang malalim na pagmamahal sa bansa

**T19.** Bilang bahagi ng isang programa para sa pagkakaisa ng mga Asyano, magkakaroon ng exhibit tungkol sa mga kilalang Asyano na nagpamalas ng damdaming nasyonalismo. Ikaw ay naatasan na gumawa ng campaign material tungkol sa napili mong personalidad. Ilalahad mo ito sa mga opisyal na bumubuo ng exhibit. Alin sa sumusunod ang angkop na gawin?

a. Poster
b. Slogan
c. Essay
d. Proposal

**A 20.** Alin sa mga sumusunod na pangyayari ang kapansing-pansing bunga ng tensiyong Cold War?

a. Matinding gutom sa mga bansang Asyano
b. Pananatiling pangingibabaw ng Estados Unidos sa politikal at ekonomiyang kapangyarihan
c. Matinding suliraning ekonomiya para sa Unyong Sobyet
d. Pagkakahati ng daigdig sa Silangan at Kanluran

## GLOSARYO NG MGA TERMINO NA GINAMIT SA MODYUL

1. Multiculturalism - is a body of thought in political philosophy about the proper way to respond to cultural and religious diversity. It also means policies and practices tht recognize and respond to the ethnic diversity of the community and have as their primary objects the creation of conditions under which all groups and member of the community.

2. Nabigasyon - the science of getting ships, aircraft, or spacecraft from place to place; *especially***:** the method of determining position, course, and distance traveled

3. Piyudalismo - isang sistemang pampulitika at pang-ekonomiya sa Europa noong Panahong Medieval na kung saan naging batayan ay ang relasyon ng *lord* at *vassal* na may kaugnayan sa lupa kung saan maglilingkod ang basalyo sa panginoon kapalit ng proteksyon

4. Sistemang pang-ekonomiya – aspeto ng bansa kung saan tinutugunan ang pangangailangan at kagustuhan ng tao. Layunin nito na mapigilan ang labis-labis nga paglikha ng mga kalakal at serbisyo upang maiwasan ang kakulangan sa mga ito.

## TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL

**MGA BABASAHIN AT MGA SANGGUNIAN:**

Santiago, et al. (2012). Araling Asyano, pp 265-268.

## REFERENCES AND WEBSITE LINKS USED IN THIS LESSON

**WEBSITES:**

http://www.sefi.be/wp-content/papers2010/papers/1261.pdf
Pinagkunan para sa Map of Conceptual Change

http://www.measuredhs.com/pubs/pdf/OD57/OD57.pdf
Gender Equality and Women's Empowerment in India

http://www.google.com.ph/imgres?start=265&um=1&hl=en&tbo=d&biw=1024&bih=444&tbm=isch&tbnid=y0WL0K6bHY_ygM:&imgrerefurl=

http://www.irazoo.com/PopularSites/Ano-Ang-Kolonyalismo.aspx
Kahulugan ng Kolonyalismo

http://waranddissent.files.wordpress.com/2009/12/war_and_dissent_filipino_translation.pdf
Kahulugan ng Imperyalismo

http://thesaurus.com/browse/colonization
Synonym ng Koloyalismo

http://www.visualthesaurus.com/landing/?ad=ddc.large&utm_medium=large&utm_campaign=VT&utm_source=ddc&word=imperialism&lang=en
Synonym ng Imperyalismo

http://plato.stanford.edu/entries/multiculturalism/
Pinagkunan ng Kahulugan

http://www.multicultural.sa.gov.au/about-us/what-is-multiculturalism
Pinagkunan ng Kahulugan

http://www.merriam-webster.com/dictionary/feudalism?show=0&t=1376028919
Pinagkunan ng Kahulugan

## Aralin 2: Panahon ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

### ☑ Panimula at mga Pokus naTanong

Imperyalismo! Marami ang nagtatanong kung nangyayari pa ba ito ngayon? Mabuti nga ba ang epekto nito sa mga Asyano kumpara sa kasalukuyang sitwasyon? Ito ang mga tanong naglalaro sa isipan ng bawat isa na siyang ating aalamin sa araling ito.

Marami ang mga bansang napasailalaim sa kolonyalismo at imperyalismo sa Asya tulad ngTimog at Kanlurang Asya. Kung kayat naranasan ng India at mga bansa sa Middle East na mabago ang kanilang kultura sa iba't ibang aspekto. Ito ay maaaring nakabuti o nakasama sa mga mamamayan ng Timog at Kanlurang Asya na humubog sa makabagong mga sibilisasyon. Sa araling ito, ating susurin ang mga pangyayaring naganap panahon ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya. Aalamin natin ang mga sagot sa pokus na tanong na Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?

Handa ka na bang tuklasin ang iyong sagot sa marami mong katanungan at palawakin ang iyong nalalaman? Kung OO, magsimula na tayo!


### ☑ Saklaw ng Modyul

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na aralin:

| **Aralin Blg.** | **Pamagat** | **Matutuhan mo ang…** | **Bilang ng Sesyon/ Oras** |
|---|---|---|---|
| Aralin 2 | **Panahon ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya**<br><br>1. Transpormasyon ng mga pamayanan at estado sa Timog at Kanlurang Asya sa pagpasok ng mga isipan at impluwensiyang kanluranin sa larangan ng<br>• pamamahala<br>• kabuhayan<br>• teknolohiya<br>• lipunan | 1. Nasusuri ang transpormasyon ng mga pamayanan at estado sa Timog at Kanlurang Asya sa pagpasok ng mga isipan at impluwensiyang kanluranin sa larangan ng:<br>• pamamahala<br>• kabuhayan<br>• teknolohiya<br>• lipunan | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | • paniniwala<br>• pagpapahalaga<br>• sining at kultura<br>2. Ang mga nagbago at nanatili sa ilalim ng kolonyalismo<br>3. Epekto ng kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya<br>4. Ang mga Karanasan sa Timog at Kanlurang Asya sa ilalim ng kolonyalismo at imperyalismong kanluranin | • paniniwala<br>• pagpapahalaga<br>• sining at kultura.<br>2. Naipapaliwanag ang mga nagbago at nanatili sa ilalim ng Kolonyalismo<br>3. Natataya ang mga epekto ng kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya<br>4. Naihahambing ang mga karanasan sa Timog at Kanlurang Asya sa ilalim ng kolonyalismo at imperyalismong kanluranin | |

☑ **Concept Map ng Modyul**




Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.

### ☑ Inaasahang Kasanayan

Upang maayos mong matapos ang mga gawain sa modyul na ito, kailangan mong tandaan ang mga sumusunod:

1. Nababasa at nasusuri ang iba't ibang impormasyon mula sa mga *website*.
2. Natutukoy ang mga pinuno na nanguna sa kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.
3. Napaghahambing ang mga pagbabagong naganap sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.
4. Nakagagawa ng *concept map at mind map* na nagpapakita ng lawak ng pang-unawa sa mga paksang natalakay.
5. Nasusuri ang mga larawan, artikulo at *video* na naglalaman ng mga pangyayaring naganap sa panahon ng kolonyalismo at imperyalismo sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.
6. Nakapagsasagawa ng pagsusuri sa mga artikulo, sanaysay at tula upang makabuo ng isang adbokasiya.

## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan nang pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong. Pagkatapos, makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ang mga sumusunod ay pangyayaring nag-udyok sa mga Europeo upang sakupin ang mga lupain sa Asya, maliban sa:
   a. krusada
   b. Ang paglalakbay ni Marco Polo
   *c.* Ang pagkakatuklas sa perang papel
   d. Ang pag-unlad ng nabigasyon



THE WHITE (?) MAN'S BURDEN.

Gamit ang larawan sa itaas, sagutin ang mga tanong sa ibaba.

2. Ano ang pangunahing konsepto ang ipinahihiwatig ng larawan?
   a. Madaling tinanggap ng mga Asyano ang mga Kanluranin.
   b. Naging madali ang pamumuhay ng mga Asyano sa kamay ng mga Europeo
   c. Kapaki-pakinabang sa mga Asyano ang pananakop ng mga Europeo.
   d. Naging pasanin ng mga Asyano ang mga Europeo

3. Alin sa mga sumusunod ang naging pang-ekonomiyang bunga ng pananakop ng mga Europeo sa Asya?
   a. Pagkakaroon ng salinlahi
   b. Naging edukado ang mga Asyano
   c. Napakinabangan ng mga Kanluranin ang yaman ng Asya na dapat ay nagamit ng mga Asyano para sa kanilang kaunlaran.
   d. Gumanda ang pamumuhay ng mga Asyano kasabay ang pagbuti ng pamumuhay ng mga Europeo.

Basahin at unawain ang *excerpt* sa ibaba mula sa isinulat ni Marco Polo na *The Venetian Concerning Kingdoms and the Marvels of the East.*

> "Inside the city there is a lake which has a compass of some 30 miles: and all around it erected a beautiful palaces and mansions, of the riches and most exquisite structures that you can imagine belonging to the nobles of the city.
>
> There are also on its shores many abbeys and churches of the idolaters.
>
> In the middle of the lake are two islands, on each of which stands a rich, beautiful and spacious edifice, furnished in such style as to seem fit for the palace of an emperor."
>
> ________
>
> Pinagkunan: Kayamanan, Unang Edisyon 2013, pp. 199

4. Mula sa paglalarawan ni Marco Polo sa kanyang paglalakbay sa Asya, paano ito naging daan upang baguhin ang kuwento ng mga bansang Asyano?
   a. Tumatak sa mga Europeo ang paghanga sa taglay na kagandahan ng Asya.

   b. Ang kahanga-hangang taglay ng mga bansang Asyano ay siya ring nagbigay-daan upang maakit ang mga dayuhang sakupin ito.
   c. Mahilig sa magagandang tanawin ang mga Europeo.
   d. Ninais ng mga Europeo na manirahan sa mga bansa sa Asya.

5. Abo ang tumutukoy sa pangyayaring nag-aklas ang mga sundalong Indian at Muslim dahil sa kalapastanganan ng mga British sa kanilang paniniwala?
   a. *Sepoy Mutiny*
   b. Salt March
   c. Black Hole
   d. Independence Day

Suriin ang sumusunod na pahayag:

“ In a gentle way, you can shake the world”

- Mahatma Gandhi

6. Batay sa pahayag, alin sa sumusunod ang pamamaraang ginamit ni Gandhi upang ipaglaban ang kanilang kalayaan?
   a. mapayapa
   b. marahas
   c. mapayapa at marahas
   d. mapanghinuhod

7. Nakamit ng mga Indian ang kanilang kalayaan sa mga British noong 1947 dahil sa pakikipaglaban ni Mohandas Gandhi. Nabuo naman ang bansang Pakistan dahil ipinaglaban nila ang pagkakaroon ng sariling bansa para sa mga Muslim. Samantala, ang mga bansa naman sa Kanlurang Asya ay nakamit ang kalayaan sa mga kanluranin matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. Anong kongklusyon ang mabubuo mo tungkol dito?
   a. Ang mga karanasan noong panahon ng kolonyalismo ay nakatulong upang magkaisa ang mga mamamayan.
   b. Ang nasyonalismo ay nakaimpluwensiya sa mga Asyano upang ipaglaban ang kanilang kalayaan.
   c. Ang mga Asyano at Kanluranin ay nagkaroon ng mabuting ugnayan noong panahon ng imperyalismo.
   d. Ang dinaranas na kalayaan at kaunlaran ng mga Asyano sa kasalukuyan ay bunga ng kanilang malalim na pagmamahal sa bansa.

8. Bilang bahagi ng isang programa para sa pagkakaisa ng mga Asyano, magkakaroon ng ekshibit tungkol sa mga kilalang Asyano na nagpamalas ng damdaming nasyonalismo. Ikaw ay naatasang gumawa ng *campaign material* tungkol sa napili mong personalidad. Ilalahad mo ito sa mga opisyal na bumubuo ng ekshibit. Alin sa sumusunod ang angkop na gawin?
   a. poster
   b. slogan
   c. essay
   d. proposal

9. Alin sa mga sumusunod na pangyayari ang kapansing-pansing bunga ng tensiyong *Cold War?*
   a. Matinding gutom sa mga bansang Asyano
   b. Pananatiling pangingibabaw ng Estados Unidos sa pulitikal at ekonomiyang kapangyarihan
   c. Matinding suliraning pang-ekonomiya ng Unyong Sobyet
   d. Pagkakahati ng daigdig sa Silangan at Kanluran

10-12 Gamit ang mapa, sagutin ang mga sumusunod na tanong.




10. Anong bansang Asyano ang nasa kanluran ng India at may relihiyong Islam?
    a. Bangladesh
    *b.* Pakistan
    c. Nepal
    d. Bhutan

11. Ano-anong bansang *Buddhist* ang matatagpuan sa hilaga at timog ng India?
    a. Nepal at Sri-Lanka
    b. Bangladesh at Myanmar
    c. Pakistan at Afghanistan
    d. Myanmar at Thailand

12. Sa iyong palagay, ano ang maaaring sanhi ng di pagkakaunawaan sa mga bansang ito?
    a. Pagkakaiba ng pang-ekonomikong katayuan sa buhay
    b. Pagpapataw ng “curfew” sa pag-alis ng bahay
    c. Paggalang at di-paggalang sa mga kababaihan
    d. Hidwaan sa relihiyon at pagkaiba sa pinagmulang pangkat-etniko



13. Batay sa larawan sa itaas, ano ang iyong mahihinuha tungkol sa patuloy na transpormasyon ng Timog at Kanlurang Asya?
    a. Kailangan ng lubos na paggalang sa isa't isa upang makamit ang katatagan at katahimikan ng mga bansa.
    b. Ang patuloy na pag-unlad sa mga bansang Asyano ay nakabatay sa sariling mga pagsisikap nito at pananaw kung papaano maiangat ang mga katayuan sa buhay.
    c. Mahalagang bahagi ng buhay at kultura ang edukasyon.
    d. Mahaharap sa matinding paghamon ang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya na makamit ang kaunlaran.

14. "Hindi kasiguruhan ng pag-unlad ang pagbabago, ngunit ang pag-unlad ay nangangailangan ng pagbabago". Kung ikaw ay naatasang patatagin ang mga patakarang pang-edukasyon para sa mga bansang Asyano sa Timog at Kanlurang Asya, alin sa mga sumusunod ang bibigyan mo ng kahalagahan?
    a. Pagkakaloob ng edukasyon para sa lahat ng mga kabataan
    b. Pagpapaabot ng edukasyon para sa lahat
    c. Pag-aayon sa batas ng relihiyon
    d. Paggamit ng *mother tongue*

15. Ikaw ay naatasang gumawa ng isang *leaflet campaign material* para sa isang programang pangkababaihan na "BIDA BEST BABAE". Ano-anong mga pamantayan ang iyong hahanapin sa *leaflet campaign material?*
    a. makatotohanan at maraming ebidensiya
    b. malikhain at maraming larawan
    c. makahulugan at naaayon sa panahon
    d. impormatibo, malikhain, makabuluhan at makatotohanan

16. Alin sa mga sumusunod ang nagtataguyod ng mga programang makatutulong sa edukasyon at kalusugan ng mga bata at kababaihan sa mahihirap na bansa?
    a. Ford Foundation Organization
    b. UNICEF
    c. UN Security Council
    d. Kilusang Mayo Uno

17. Ano ang naging bunga ng pagbabawal ng kaugaliang *suttee* sa India?
    a. Itinakwil ang babae ng kanyang pamilya.
    b. Walang karapatang mamuno ang mga babae.
    c. Hindi na sila maaaring mag-asawa.
    d. Nabigyan ng karapatan ng maayos na pamumuhay.

18. Sino ang namuno sa mga Hindu upang ipaglaban ang kanilang kalayaan laban sa mga British?
    a. Jawaharlal Nehru
    b. Mohandas Gandhi
    c. Sirimavo Bandaranaike
    d. Indira Gandhi

19. Nakamit ng mga Indian ang kanilang kalayaan sa mga British noong 1947 dahil sa pakikipaglaban ni Mohandas Gandhi. Nabuo naman ang bansang Pakistan dahil ipinaglaban nila ang pagkakaroon ng sariling bansa para sa mga Muslim. Samantala, ang mga bansa naman sa Kanlurang Asya ay nakamit ang kalayaan sa mga kanluranin matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. Anong kongklusyon ang mabubuo mo tungkol dito?
    a. Ang mga karanasan noong panahon ng kolonyalismo ay nakatulong upang magkaisa ang mga mamamayan.
    b. Ang nasyonalismo ay nakaimpluwensiya sa mga Asyano upang ipaglaban ang kanilang kalayaan.
    c. Ang mga Asyano at Kanluranin ay nagkaroon ng mabuting ugnayan noong panahon ng imperyalismo.
    d. Ang dinaranas na kalayaan at kaunlaran ng mga Asyano sa kasalukuyan ay bunga ng kanilang malalim na pagmamahal sa bansa.

20. Alin sa mga sumusunod na organisasyon ang tumutulong sa pag-angat ng katayuan ng mga kababaihan sa India?
    a. Gabriela
    b. Jaipur Rugs Organization
    c. UN Security Council
    d. World Health Organization

## PAGTUKLAS

Sa kasalukuyan ay patuloy na nagbabago ang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya sa iba't ibang aspeto na maaring nagsimula mula sa panahon ng kolonyalismo at imperyalismo sa Asya.

Ating simulan ang ating aralin sa transpormasyong naganap sa Timog at Kanlurang Asya sa pagsagot ng Anticipation Reaction Guide.

### GAWAIN 1. Alam Mo ba ito?

Basahin mabuti ang mga pahayag sa AR Guide at sagutan ang BAGO ang aralin na bahagi. Suriing mabuti kung wasto ang pahayag at isulat ang TAMA, kung hindi wasto naman ang pahayag ay isulat ang salitang MALI.

**ANTICIPATION-REACTION GUIDE**

| BAGO ANG ARALIN | MGA PAHAYAG | PAGKATAPOS NG ARALIN |
|---|---|---|
| | 1. Ang pagbagsak ng Imperyong Mogul ay ang sanhi ng paglakas ng dalawang kapangyarihang Europeo. | |
| | 2. Ang mga bansang Asyano ang pinagkunan ng mga hilaw na sangkap at tagabili ng mga produktong Europeo. | |
| | 3. Nasakop ng Great Britain ang India. | |
| | 4. Nanatiling makaluma ang sistema ng transportasyon at komunikasyon sa panahon ng ikalawang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo. | |
| | 5. Nagkaroon ng karapatan ang mga Asyano na pamahalaan ang sariling bayan. | |


Pagkatapos masagot ang *AR Guide,* pag-usapan ito sa *discussion forum* ng modyul upang malaman ang kaisipan o opinion kung bakit tama o mali ang sagot ng mga kaklase.

## GAWAIN 2. Tignan at Ituro Mo!

Makikita sa ibaba ang mga watawat ng mga bansang may kinalaman sa kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya. Isulat sa ibaba ang pangalan ng bansang may watawat nito. Sunod ay ituro ito sa mapa. Pagkatapos gawin ito, i-klik ang SAVE.
















_______________________  _______________________

Pagkatapos ay ituro ang lokasyopn ng mga bansa sa mapa na nasa ibaba.



Mula sa:
https://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKmKFxDZZaLmwAAQSzRwx.;_ylu=X3oDMTE0OHI2dGRzBGNvbG8Dc2czBHBvcwMxBHZ0aWQDQjAzMjZfMQRzZWMDcGl2cw--?p=world+map&fr=yfp-t&fr2=piv-web

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano-ano ang mga bansang Europeo na may kaugnayan sa kolonyalismo at imperyalismo?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Mula sa mga watawat, ano-ano ang mga bansang Asyano na may kaugnayan sa kolonyalismo at imperyalismo?

________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________

3. Saang rehiyon matatagpuan ang mga naturang bansa? Ituro ito sa mapa.

________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________

4. Paano nakarating sa Asya ang mga Europeo?

________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________

5. Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?

________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________

**KATAPUSANG BAHAGI NG PAGTUKLAS**

Natukoy mo na ang mga bansang Europeo at mga Asyanong may kinalaman sa kolonyalismo at imperyalismo sa Kanluran at Timog Asya.

Sa ating pagpapatuloy, iyong matutuklasan mga pangyayaring nagtulak sa mga Kanluranin na magtungo sa Asya. Matutuklasan mo ang sanhi at epekto ng koloyalismo at imperyalismos na nagpabago sa pulitika, pamilya, relihiyon, ekonomiya at iba pang aspektong nakaambag sa pag-unlad ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

Sa pamamagitan nito ay iyong matatanto kung tama ang iyong unang ideya na maaaring magpatibay o magpabago ng iyong pananaw sa paksa.

Malilinang din ang iyong kaalaman sa mga karanasan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya na syang humubog sa transpormasyon sa mga naturang bansa.

Pagkatapos nito, magiging handa ka nang gumawa ng isang *campaign poster* na magpapaalala sa bawat mamamayan na maging responsable sa pagpili ng mga pinuno o lider ng ating pamayanan.

Naglalayong humikayat ito sa matalinong pagboto batay sa mga katangian at kakayahan, hindi sa popularidad.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay masuri ang transpormasyon ng mga pamayanan at estado sa mga bansang nasa Timog at Kanlurang Asya particular ang India, Turkey, Syria at Saudi Arabia. Ito ay sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pangyayaring naganap sa panahon ng kolonyalismo at imperyalismo.

Mahalaga ito upang maunawaan ang mga salik na nagpabago sa mga estado at pamayanan ng bawat ansa sa larangan ng pulitika, ekonomiya, teknolohiya, paniniwala, pagpapahalaga, sining at kultura.

Susuriin mo ring mabuti ang mga sanhi at bunga ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya at ang mga karana ng mga bansang nasakop. Malilinang mo rin ang iyong kaalaman sa mga ruta at yugto ng kolonyalismo at imperyalismo.

### GAWAIN 3. Alamin Mo Muna

Alamin mo muna ang mga sinaunang ruta ng kalakalan at ang mga pangyayaring nagtulak sa mga Kanluranin na magtungo sa Asya at gumawa ng isang concept map tungkol dito gamit ang www.gliffy.com. I-klik ang mga link sa ibaba upang magawa ito at pagkatapos ay ilagay ito sa dashboard ng modyul:
http://mentalfloss.com/article/86338/8-trade-routes-shaped-world-history naglalaman ng 8 daanan sa kalakalan
https://www.metmuseum.org/toah/hd/trade/hd_trade.htm ukol sa Trade Routes between Europe and Asia during Antiquity
https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S2212567114000094 naglalaman tungkol sa Black Sea: Old Trade Routes and Current Perspectives of Socioeconomic Co-operation
https://blogs.timesofindia.indiatimes.com/toi-edit-page/the-silk-road-old-and-new/ naglalaman ukol sa Silk Road

https://ig.ft.com/sites/special-reports/one-belt-one-road/ ukol sa bagong ruta ng kalakalan

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano-ano ang mga rutang dinaanan ng mga kanluranin patungong Asya?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Bakit nagtungo sa Asya ang mga Kanluranin?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Bakit naghanap ng bagong ruta ang mga Kanluranin patungong Asya?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Paano nakatulong ang bagong ruta sa kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

## GAWAIN 4. Hanapin Mo

I-klik ang mga link na nasa ibaba upang saliksikin ang mga mahahalagang pangyayaring naganap sa panahon ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.

www.youtube.com/watch?v=eoHLfeotrX0 ukol sa unang yugto ng koloyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

www.youtube.com/watch?v=42f1iQJK-Vg ukol sa unang yugto ng koloyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

www.youtube.com/watch?v=7er620jCskM naglalaman ng ikalawang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya Pagkatapos mapanood at mabasa ang nilalaman ng video, punan ng impormasyon ang Data Retrieval Chart.

| Yugto ng Kolonyalismo | Mga Mahahalagang Pangyayari | Mga Nasakop na Bansa |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| **Konklusyon:** | | |

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano-ano ang mga pangyayaring nagtulak sa mga Kanluranin na magtungo sa Asya?

2. Ano-ano ang mga naging sanhi at bunga ng pagtungo ng mga Kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya?

3. Saan nagsimula at nagtatapos ang unang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo? ang pangalawang yugto?


4. Paano ito nagbigay-daan sa kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya ng mga Kanluranin?

5. Bakit nagpatuloy ang kolonyalismo at imperyalismo pagkatapos ng unang yugto?

6. Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?

## GAWAIN 5. Paghambingin Natin

Gamit ang mga link sa nakaraang gawain, gumawa ng isang Venn diagram na nagpapakita sa pagkakaiba at pakakatulad ng una at ikalawang yugto ng imperyalismo.




**Pagpapaliwanag:**

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano-ano ang mga pagkakatulad ng una at ikalawang yugto ng imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya?

2. Ano-ano ang mga pagkakaiba ng una at ikalawang yugto ng imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya?

3. Ano ang sanhi at bunga ng kolonyalismo at imperyalismo sa mga Kanluranin? sa Timog at Kanlurang Asya?

| |
|---|
| |

4. Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?

| |
|---|
| |

## GAWAIN 6. Tuklasin Mo

I-klik ang mga link na nasa ibaba upang malaman ang mga mga bansang sinakop ng mga Kanluranin at ang epekto nito sa Timog at Kanlurang Asya.
http://people.stfx.ca/x2011/x2011teo/20122013/DEVS%20201%202013%20Winter%20%20Langdon/006015%20Colonialism%20Section/009%20Imperialism%20and%20the%20Colonial%20Experience%20%20AllinaPisano%20(Imperial_and_the_colonial_experience).pdf Imperialism and Colonialism
https://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=AwrwNFw5GZZaEb4AuQazRwx.;_ylu=X3oDMTE0OHI2dGRzBGNvbG8Dc2czBHBvcwMxBHZ0aWQDQjAzMjZfMQRzZWMDcGl2cw?p=Transformation+during+age+of+colonialism+and+imerialism&fr=yfpt&fr2=pivweb#id=3&iurl=http%3A%2F%2Fusers.rcn.com%2Fmwhite28%2Fimages%2F1907-flg.gif&action=click mapa ng mga nasakop na bansa ng mga Europeo
https://www.youtube.com/watch?v=MMea9-ikwY0 ukol sa epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya
http://slideplayer.com/slide/6390954/ Asian experience in colonialism
http://webs.bcp.org/sites/vcleary/modernworldhistorytextbook/imperialism/section_4/earlyindia.html naglalaman ukol sa imperyalismo sa India
http://www.history.ac.uk/reviews/review/575 naglalaman tungkol sa kolonyalismo at imperyalismo sa Kanlurang Asya
https://intpolicydigest.org/2014/08/12/blowback-british-imperialism-in-the-middle-east/ ukol sa imperyalismo sa Middle East
http://www.oxfordscholarship.com/view/10.1093/acprof:oso/9780199540839.001.0001/acprof-9780199540839 Western Imperialism in the Middle East 1914-1958

Pagkatapos ay punan ang Data Retrieval Chart.

| Europeong Bansa | Sinakop na Bansa | |
|---|---|---|
| | Timog Asya | Kanlurang Asya |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| **EPEKTO NG KOLONYALISMO AT IMPERYALISMO** | | |

Sagutin mo ang pamprosesong tanong.

1. Ano-anong bansa ang sinakop ng mga Europeo sa Timog at Kanlurang Asya?

2. Bakit sinakop ng mga Kanluranin ang India at mga Kanlurang bansa?

3. Paano tinanggap ng mga Hindu at Kanluranin ang kolonyalismo at imperyalismo sa kani-kanilang bansa?

4. Paano namahala ang mga Kanluranin sa India at sa mga bansa sa Kanlurang Asya?

5. Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?

## GAWAIN 7. Himay-himayin Natin

Gamit ang mga kaalaman mula sa mga links sa katatapos na gawain, gumawa ng isang sematic web gamit ang www.gliffy.com upang ipakita ang mga epekto ng imperyalismos sa larangan ng pamahalaan,kabuhayan, teknolohiya, lupain,paniniwala,pagpapahalaga, sining at kultura sa India at Middle East. Ilagay ito dashboard ng modyul.

Sagutin mo ang pamprosesong tanong.

1. Ano-anong mga pagbabago ang naganap sa India at sa mga bansa sa Middle East?

2. Nakabuti ba ito sa mga Hindu at Arabo? Ipaliwanag.

3. Paano nakatulong ang mga Hindu at Arabo sa mga Kanluranin? Patunayan ang sagot.

4. Paghambingin ang kalagayan ng India at Middle East bago at pagkatapos dumating ng mga Kanluranin sa bansa.

5. Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?

## GAWAIN 8. Quiz Tayo

I-klik ang mga link na nasa ibaba upang malaman lawak ng iyong kaalaman sa mga epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.

https://quizlet.com/39870081/positive-and-negative-effects-of-imperialism-flash-cards/ naglalaman ng positibo at negatibong epekto ng imperyalismo

Alituntunin sa paggamit ng *quizlet.com*:

1. I-*type* ang www.quizlet.com at i-klik ito.
2. Pindutin ang *sign-up free* upang makapag-*sign-in.*
3. Pindutin ang '*test'* na *icon* upang makapagumpisang sumagot ng quiz.
4. Pagkatapos makumpleto ang *quiz*, i-*screen shot* ang nakuha upang ilagay sa *dashboard* ng modyul.

Sagutin mo ang pamprosesong tanong.

1. Kumusta ang *quiz*? Ilan ang nakuha mong iskor?

2. Saang bahagi ka nahirapan?

3. Ano-ano ang iyong natutuhan sa *interactive quiz*?

4. Bakit mahalagang malaman ang mga mabuti at masamang epekto ng imperyalismo?

## GAWAIN 9. Suriin Natin!

Suriing mabuti ang larawan sa ibaba. Gumawa ng isang sanaysay na nagsasad ng iyong kaisipan o opinion mula sa mensahe ng larawan.




https://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKmKI6H5Zag10A7g.zRwx.;_ylu=X3oDMTE0OHI2dGRzBGNvbG8Dc2czBHBvcwMxBHZ0aWQDQjAzMjZfMQRzZWMDcGl2cw--?p=effects+of+imerialism+and+colonialism&fr=yfp-t&fr2=piv-web#id=34&iurl=https%3A%2F%2Fi.ytimg.com%2Fvi%2FqgsPLiSTErg%2Fhqdefault.jpg&action=click

***One Minute Essay***

Pagkatapos nagawa, ilahad ang opinion sa klase at magkaroon ng isang impormal na debate sa resulta ng hangarin ng mga Kanluranin sa mga Asyano.

## GAWAIN 10. Self-Check!

Mula sa mga natalakay na paksa, suriin mabuti ang pang-unawa kung saan ka kabilang. Isulat ang iyong nararamdaman at hindi maintindihang bahagi ng aralin.

|  |  |  |
|---|---|---|
| Naintindihan ko ang… | May mga ilang bagay na hindi ko maunawaan ukol sa… | Hindi ko maintindihan ang tungkol sa… |
| | | |

Kung may mga tanong na nais mong maliwanagan, i-klik lamang ang *website* sa ibaba at i-*e-mail* ito sa guro.

Natuklasan mo na ang mga pangyayaring naging sanhi ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya. Nalinang na ang iyong kaalaman sa lawak ng teritoryong nasakop sa Asya at ang mga epekto nito sa mga Asyano.

Sa susunod na gagawin, maliliwanagan ka sa mga pagbabagong naganap sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Magpatuloy tayo!

**KATAPUSANG BAHAGI NG PAGLINANG**

Sa bahaging ito ng modyul, natuklasan mo ang mga rutang dinaanan ng mga Kanluranin patungong Asya kasunod ng dalawang yugto ng koloyalismo at imperyalsmo sa Timog at Kanlurang Asya.

Natuklasan mo rin ang mga pagbabagobg ipinatupad sa mga rehiyon upang pamahalaan at kontrolin ang mga bansa. Nakilala mo rin ang mga mahahalagang tao na may kinalaman sa panahon ng kolonyalismo at imperyalismo.

Nalinawan ka na ba kung ano-ano ang mga transpormasyong naganap? Napagtanto mo na rin ba kung aling konsepto ang mali mula sa iyong dating sagot?

Ngayong may lubos ka ng kaalaman sa paksa, ating palalalimin at hihimay-himayin ang mga datos at impormasyon upang lubos na maunawaan ang halaga nito sa ating buhay. Ipagpatuloy mo ang pagsasagawa ng mga gawain.

## PAGPAPALALIM

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay mapalalim ang kaalaman sa tunay na hangarin at tingin n mga Kanluranin sa mga Asyano.

Masusuri mo ang mga epekto ng ng kolonyalismo at imperyalismo sa makabagong panahon sa Timog at Kanlurang Asya.

Mauunawaaan mo rin ang kahalagahan ng paninidigan at pagmamahal sa bayan na siyang magtulak sa mga mamamayan ng India at Kanlurang Asya upang gumawa ng hakbang tungo sa kanilang paglaya.

## GAWAIN 11. White Man's Burden

Basahin at suriing mabuti ang mensahe na nais iparating ng tula na isinulat ni Rudyard Kipling. Pagkatapos ay mgakaroon ng triad na pagsagot sa mga pamprosesong tanong sa ibaba.

### THE WHITE MAN'S BURDEN

BY: Rudyard Kipling

Take up the White Man's burden--
Send forth the best ye breed--
Go bind your sons to exile
To serve your captives' need;
To wait in heavy harness,
On fluttered folk and wild--
Your new-caught, sullen peoples,
Half-devil and half-child.

Take up the White Man's burden--
In patience to abide,
To veil the threat of terror
And check the show of pride;
By open speech and simple,
And hundred times made plain
To seek another's profit,
And work another's gain.

Take up the White Man's burden--
The savage wars of peace--
Fill full the mouth of Famine
And bid the sickness cease;
And when your goal is nearest
The end for others sought,
Watch sloth and heathen Folly
Bring all your hopes to nought.

Take up the White Man's burden--
No tawdry rule of kings,
But toil of serf and sweeper--
The tale of common things.
The ports ye shall not enter,
The roads ye shall not tread,
Go mark them with your living,
And mark them with your dead.

Take up the White Man's burden--
And reap his old reward:
The blame of those ye better,
The hate of those ye guard--
The cry of hosts ye humour
(Ah, slowly!) toward the light:--
"Why brought he us from bondage,
Our loved Egyptian night?"

Take up the White Man's burden--
Ye dare not stoop to less--
Nor call too loud on Freedom
To cloke your weariness;
By all ye cry or whisper,
By all ye leave or do,
The silent, sullen peoples
Shall weigh your gods and you.

Take up the White Man's burden--
Have done with childish days--
The lightly proferred laurel,
The easy, ungrudged praise.
Comes now, to search your manhood
Through all the thankless years
Cold, edged with dear-bought wisdom,
The judgment of your peers!

Mula sa: https://www.shmoop.com/white-mans-burden/poem-text.html

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano ang nilalaman ng tula? Ipaliwanag.

2. Ano ang tingin ng mga Kanluranin o puti sa mga Asyano? Sumasang-ayon ka ba dito? Oo o Hindi. Pangatwiranan ang sagot.

3. Ano ang ibig sabihin ng "White Man's Burden"? Ipaliwanag.

4. Paano nakaapekto ang pananaw na ito sa mga Kanluranin? sa mga Asyano?

## GAWAIN 12. Unawain ito?

Basahin ang nilalamang impormasyon ng mga sumusunod na *link* ukol sa iba't ibang epekto ng imperyalismo sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya noon at ngayon.

https://osu.pb.unizin.org/key2mideast/chapter/the-impact-of-imperialism-on-the-region/ study on the effects of imperialism in the modern times
http://www.preservearticles.com/2011090412997/impact-of-westsern-colonialism-and-imperialism-on-asia-and-africa.html Impact of colonialism and imperialism
https://www.ukessays.com/essays/history/influences-of-western-imperialism-in-the-middle-east-history-essay.php sanaysay ukol sa imperyalismo

Pagkatapos mabasa ay hatiin ang klase sa tatlong grupo upang sagutan ang Generalization Table sa ibaba.

| | Artikulo 1 | Artikulo 2 | Artikulo 3 |
|---|---|---|---|
| **Mahalagang Tanong:** Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan? | Sagot: | Sagot: | Sagot: |
| | Tekstong sumusuporta sa sagot: | Tekstong sumusuporta sa sagot: | Tekstong sumusuporta sa sagot: |
| | Dahilan (Pagpapaliwanag) | Dahilan (Pagpapaliwanag) | Dahilan (Pagpapaliwanag) |
| **Kakailanganing Pang-unawa:** | Magkakaparehong Ideya o Kaisipan mula sa Dahilan o pagpapaliwanag: | | |

**GAWAIN 13.** **Ating Suriin!**

Basahin ang nilalaman ng mga link sa ibaba ukol sa epekto ng imperyalismo sa India sa kasalukuyang panahon:
https://imperialismshs.weebly.com/india.html ukol sa modern effects of imperialism in India
https://history.libraries.wsu.edu/spring2015/2015/01/20/lingering-effects-of-western-european-colonization-on-modern-day-outsourced-labor/ Lingering effects of British Colonization on India in creating the Third World DHRA #5

Pagkatapos basahin ay gumawa ng isang pagkukumpara sa kalagayan ng India noon at ngayon sa iba't ibang larangan.

| INDIA | | |
|---|---|---|
| | **NOON** | **NGAYON** |
| Pulitika | | |
| Ekonomiya | | |
| Paniniwala | | |
| Sining | | |
| Kultura | | |

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano-ano ang mga pagbabagong naganap sa India noon at ngayon? Ipaliwanag.

2. Ilarawan ang kalagayan ng India ngayon sa aspetong pulitikal, ekonomiya at kultural.

3. Sa iyong palagay nakabuti ba sa India ang imperyalismo? Oo o Hindi. Ipaliwanag.

4. Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?

**GAWAIN 14.** **Kanluran Naman!**

I-klik ang link sa ibaba upang malaman ang epekto ng imperyalismo sa Iraq isang bansa sa Middle East.
https://www.globalpolicy.org/component/content/article/169-history/36399.html
The Impact of Imperialism in Iraq
https://prezi.com/xltuzyor7hda/western-imperialism-on-iraq/ Western Imperialism in Iraq

Pagkatapos mabasa ay gumawa ng isang reaksiyong papel na tatalakay sa iyong ideyaat ukol sa mabuti at masamang epekto ng imperyalismo sa Iraq at pag-usapan ito ng mga kaklase.

**REAKSIYONG PAPEL**

Natukoy at nabasa mo na ang iba't ibang pangyayaring naganap sa panahon ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya kaalinsabay ng mga epekto nito sa kasalukuyan.

Sa susunod na gawain ay gagawa ka ng isang pagbubuod ng iyong kaalaman sa buong aralin gamit ang wisemapping.

**GAWAIN 15.** **Balikan Natin!**

Kasama ng iyong mga kagrupo, gumawa ng *mind map* ukol sa impluwensiya at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya na nagpapakita ng iyong sariling pananaw. Gamitin ang www.wisemapping.com sa paggawa nito. Ilagay ito sa *dashboard* ng modyul.

Alituntunin sa paggawa ng *mind map*:

1. I-*type* ang www.wisemapping.com at i-klik ito.
2. Pindutin ang *sign up free* upang makapag-*sign-in.*
3. Pindutin ang 'create a new map' na *icon* at punan ang *name* at *description* na hinihingi ng kahon. Siguraduhing i-*type* ang *words* and *pictures* sa *description.*
4. Gamitin ang mga *icon* na nasa itaas upang makagawa ng *mind map.*
5. Pagkatapos makumpleto ang *mind map*, i-*screen shot* ito upang ilagay sa *dashboard* ng modyul.

Pagkatapos ilagay sa dashboard, magsulat ng maikling paliwanag sa ginawa.

| **Pagpapaliwanag sa Mind Map** |
|---|
| |

**GAWAIN 16.** **Metacognitive Journal**

Upang higit na mataman ang iyong pag-unawa, sagutin mong mag-isa ang *metacognitive journal* sa ibaba.

| | **Metacognitice Journal** | |
|---|---|---|
| Anong mga natutunan ko? | Ano ang nararamdaman ko tungkol dito? | Paano ko ito gagamitin sa aking buhay? |
| | | |

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| **KONKLUSYON:** | | |

## GAWAIN 17. Ipakita Mo!

Gamitin ang mga kaalamang natutunan sa mga nakalipas na aralin, ikaw kasama ng iyong kagrupo ay handa na ipakita ang iyong adbokasiya laban sa imperyalismo sa pamamagitan ng paggawa ng poster slogan. Kunan ng larawan ang ginawa at ilagay ito sa dashboard ng modyul.

**Poster Solgan**

Gamitin ang mga tanong sa ibaba upang suriin ang iyong ginawa sa pamamagitan ng *Group Discussion.*

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano ang disenyong napili mo sa iyong *poster*?

2. Bakit ito ang napili mong disenyo? Ipaliwanag.

3. Ano ang mensaheng nais mong iparating sa poster at slogan? Ipaliwanag.

4. Paano mo ipakikita ang pagiging resposableng mamamayan sa likod ng mga pagbabagong dulot ng kolonyalismo at imperyalismo sa Asya? Pangatwiranan ang iyong sagot.

## GAWAIN 18. Ibalik Natin

Balikan mo ang mga pahayag sa AR Guide at sagutan ang PAGKATAPOS ang aralin na bahagi. Suriing mabuti kung TAMA o MALI ang mga pahayag at kung gustong baguhin ang naunang sagot na isinulat sa BAGO ang aralin na bahagi.

**ANTICIPATION-REACTION GUIDE**

| BAGO ANG ARALIN | MGA PAHAYAG | PAGKATAPOS NG ARALIN |
|---|---|---|
| | 1. Ang pagbagsak ng Imperyong Mogul ay ang sanhi ng paglakas ng dalawang kapangyarihang Europeo. | |
| | 2. Ang mga bansang Asyano ang pinagkunan ng mga hilaw na sangkap at tagabili ng mga produktong Europeo. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Nasakop ng Great Britain ang India. | |
| | 4. Nanatiling makaluma ang sistema ng transportasyon at komunikasyon sa panahon ng ikalawang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo. | |
| | 5. Nagkaroon ng karapatan ang mga Asyano na pamahalaan ang sariling bayan. | |

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Anong pahayag ang gusto mong linawin ang kasagutan?


2. Ano ang iyong basehan sa pagbabago ng sagot? Ipaliwanag.

3. Ano-ano ang iyong mga natutunan sa paksa?

4. Bilang isang Asyano, paano makatutulong ang kaalamang ito sa ating bansa? Ipaliwanag.

## GAWAIN 19. Kaya ko na ba?

Sukatin at alamin natin ang lawak ng iyong pang-unawa gamit ang traffic light signs. Piliin ang kulay kung hanggang saan ka na sa iyong pang-unawa.

| | |
|---|---|
|  | **Hindi ko maintindihan ang buong aralin** |
| | **May kailangan akong balikan na aralin** |
| | **Handa na akong magpatuloy sa susunod na aralin** |

Sa mga katanungan at karagdagang tulong sa aralin, e-email ito sa guro o magkaroong ng peer tutoring

**KATAPUSANG BAHAGI NG PAGPAPALALIM**

Sa bahaging ito ng aralin ay lalo mong napalalim ang iyong kaalaman sa mga pangyayaring naging sanhi at bunga ng kolonyalismo at imperyalismo sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Nalinawan ka na sa sanhi at epekto ng nito noon at ngayon sa India at Iraq pati na ang iba pang bansa sa Middle East.

Mayroon ka bang natutuhan sa paksang ito at realisasyon na dapat mong gawin?

Ngayong may pang-unawa ka na sa mga transpormasyong naganap na nagpagbago sa pulitikal, panlipunan at pang-ekonomiya ng mga bansa saTimog at Kanlurang Asya. Ngayon ay handa ka na sa susunod na bahagi ng modyul.

# PAGLILIPAT

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay isabuhay o isagawa sa totoong sitwasyon ang iyong mga natutuhan. Magpapatunay ito ng iyong pang-unawa sa araling ito para sa ikabubuti ng bawat tao lalong-lalo na ang mga Asyano.

## GAWAIN 20. Let's Vote In!

Basahing mabuti ang sitwasyon sa ibaba at mag-isa mong isagawa ito. Layunin nitong itaguyod ang pagiging responsableng mamamayan para sa kaunlaran ng bayan.

Taunang nagbibigay ng parangal ang iyong barangay sa mga piling miyembro ng pamayanan na nagpakita ng mabuting halimbawa. Layunin ng patimpalak na magsilbing paalala sa mga mamamayan na ang bawat isa ay may responsiblidad at gampaning dapat gawin para sa ikabubuti at ikauunlad ng buong pamayanan. Magkakaroon ng patimpalak na "Barangay Idol"na naglalayong pumili ng limang huwarang miyembro ng barangay. Bilang miyembro ng barangay, ikaw ay inatasang gumawa ng iyong *campaign poster* para sa iyong kalahok upang masigurado ang boto ng iyong mga kabarangay. Huhusgahan ang *campaign poster* ayon sa sumusunod:

1. impormatibo/ praktikalidad
2. malikhain
3. kabuluhan
4. katotohanan

**PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG CAMPAIGN MATERIAL**

| PAMANTAYAN | MAHUSAY 4 | MAAYOS 3 | MAY KAKULANGAN 2 | NAGSISIMULA PA LANG 1 | RATING |
|---|---|---|---|---|---|
| **IMPORMATIBO/ PRAKTIKALIDAD** | Ang nabuong *campaign material* ay nakapagbibigay ng kumpleto, wasto at pinaka-bagong impormasyon tungkol sa mga kapaki-pakinabang na | Ang nabuong *campaign material* ay nakapag-bibigay ng wastong impor-masyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan. | Ang nabuong *campaign material* ay kulang sa sapat na impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan. | Ang nabuong *campaign material* ay punung-puno ng maling impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | kontribusyon sa lipunan. | | | | |
| **MALIKHAIN** | Ang pagkakasunod-sunod at pagkakadisenyo ng mga impormasyon tungkol sa mga kapaki-pakinabang na kontribusyon sa lipunan ay orihinal at kakaiba | Ang pagkaka-sunod-sunod at pagkaka-disenyo ng mga impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan ay sapat at angkop | May kakulangan ang elemento ng pagdisenyo ng mga impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan at nagpapakita ng limitadong antas ng pagkamalikhain. | Hindi malikhain ang pagkakadisenyo ng mga impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan. Ang gawain ay kopya sa ibang materyal | |
| **KABULUHAN/ IMPAK** | Komprehensibo, maayos at may lalim at mapanuring pagkakapa-liwanag tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan | Mahusay ang pagkaka-paliwanag tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan | Pahapyaw lamang ang pagtalakay sa mga kontribusyon sa lipunan | Hindi naipaliwanag ang mga kontribusyon sa lipunan | |
| **KATOTOHANAN** | Ang *campaign material* ay nagpapakita ng maka-totohanang pangyayari sa buhay ng tao. Ang nilalaman nito ay may bisa/dating sa madla | Ang *campaign materia*l ay nagpapakita ng pangyayari sa buhay ng tao | Ang *campaign material* ay nagpapakita ng iilang pangyayari lamang sa buhay ng tao. Hindi tama ang iilang mga binanggit na pangyayari. Ang nilalaman nito ay walang dating sa madla | Walang naipakitang makatotohanang pangyayari | |
| | | | | **OVERALL RATING** | |

I-*post* sa loob ng kahon ang nabuo mong *campaign poster*. Maaaring i-*post* mo ang *link* ng *website* o *internet site* kung gumamit ka ng teknolohiya.

Matapos mong maisagawa ang inaasahang pagganap, sagutin mo ang *synthesis journal* batay sa iyong kabuuang pang-unawa.

## GAWAIN 21. IBUOD NATIN!

Mula sa mga gawaing iyong ginawa ay marami kang natuklasan hindi lamang ukol sa paksa kundi maging sa iyong sarili at sa iyong pamayanan. Sa bahaging ito ay sasagutin at kukumpletuhin mo ang Generalization Table.

| SENTENCE COMPLETION | |
|---|---|
| Ang paksa ay tungkol sa … | Napagtanto ko na …. |

## KATAPUSANG BAHAGI NG PAGLILIPAT

Naunawaan mo na ang transpormasyong naganap sa Timog at Kanlurang Asya. Matagumpay mong naisagawa ang mga gawaing inihanda lalo na ang paggawa ng isang uri ng *multimedia material*.

Nagpapatunay ito na ganap na ang iyong pang-unawa sa paksa. Ano ang iyong realisasyon sa pagsasagawa nito? Sana'y nakatulong ito sa ganap na pagpapatibay ng iyong paninindigan sa buhay at maging responsableng mamamayan.

Sagutin mo ang inihandang panghuling pagtataya upang ganap ang iyong pang-unawa sa katatapos na aralin

## PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataon upang mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor pagkatapos mong masagutan ang lahat ng aytem. Kung mataas ang iyong nakuhang iskor, maaari ka nang pumunta sa susunod na modyul. Kung ang nakuha mong iskor ay wala sa inaasahang lebel o iskor, kailangan mong balikang muli ang modyul.

Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Sino ang kilalang *Venetian Merchant* na nakarating sa China na naglarawan ng kanyang ginawang paglalakbay?
   a. Marco Polo
   b. Ferdinand Magellan
   c. Bartolomew Diaz
   d. Prince Henry, The Navigator

2. Sa kasalukuyan, pangalawa ang India sa may pinakamakapal na populasyon sa buong mundo. Nangangahulugan ba itong marami ang mangmang sa mga mamamayan?
   a. Oo, dahil maraming tutustusan ang gobyerno sa pangunahing pangangailangan at magkukulang ang *budget.*
   b. Hindi, dahil naglaan ang gobyerno ng pera para sa edukasyong ng mamamayan at direktang nakapondo ito sa personal na impok ng tao.
   c. Maaari, dahil hindi kayang tugunan ng pamahalaan ang mga mamamayan.
   d. Hindi, lahat ay mahirap at walang mangmang sa India.

3. Paano tumugon sa hamon ng pagbabago ang mga Asyano?
   a. Nag-alsa sila laban sa mga Kanluranin.

b. Naging madali sa mga Asyano ang pagtanggap sa mga Kanluranin dahil na rin sa pagbabagong dulot nito.
c. Mahirap man para sa mga Asyano ang pagbabago, subalit tinanggap na lamang nila ito.
d. Iba-iba ang ginawang pagtanggap ng mga Asyano sa pagbabagong dala ng mga Kanluranin.

4. Sa darating na Oktubre ay ipagdidiriwang ang *United Nations Day*. Isa sa mga gawain na idaraos sa inyong lungsod ay ang kampanya laban sa pagtataguyod ng kalayaan at pagpapahalaga sa kapayapaan. Ikaw, bilang isang *freedomadvocate* ay naatasang mamuno sa gawaing ito. Kaya naman naglunsad ka ng paligsahan sa paggawa ng isang *campaign material* upang itaguyod ang kalayaan. Alin sa mga sumusunod na pamantayan ang akmang gagamitin?
   a. Napapanahon, malikhain at may maraming larawan
   b. Impormatibo, malikhain, kaangkupan at makatotohanan
   c. Makatotohanan, malikhain at may maraming ebidensya
   d. Impormatibo, mapagpakahulugan at naaayon sa panahon

5. Ang pananakop ng mga bansang Europeo ay nagdulot ng parehong mabubuti at hindi mabubuting bagay sa mga mamamayan nang nasakop na bansa. Sa kasalukuyang panahon, patuloy pa ring makikita ang pananakop ng mga Kanluranin sa iba't ibang anyo. Ikaw bilang isang mapagmahal sa kapayapaan, paano mo pangangalagaan ang kalayaang tinatamasa mo ngayon?
   a. Igalang ang kalayaang tinatamasa ng kapwa.
   b. Manguna sa mga programa ng pamahalaan.
   c. Mag-organisa ng isang *advocacy* campaign.
   d. Dadalo sa pagdiriwang ng *Rizal Day.*

6. Bakit kinakailangang humanay ng mga bagong tatag pa lamang na mga bansang Asyano sa alinman sa *superpowers* nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
   a. Dahil sa panahong ito ang mga superpowers ang kinikilalang pinakamalakas na mga bansa na siyang tutulong sa kanila sakaling may pagsalakay na mangyayari
   b. Dahil sa parusang ipaparatang sa mga bansa sakaling wala itong kinakampihan
   c. Dahil sa mga bansa ay pipili lang sa dalawang pinapairal na ideolohiya; ang komunismo at demokrasya
   d. Dahil sa hindi kaya ng mga bansang ito ang pagsasarili

7. Sino ang namuno sa mga Hindu upang ipaglaban ang kanilang kalayaan laban sa mga British?
   a. Jawaharlal Nehru
   b. Mohandas Gandhi
   c. Sirimavo Bandaranaike

d. Indira Gandhi

8. Nakamit ng mga Indian ang kanilang kalayaan sa mga British noong 1947 dahil sa pakikipaglaban ni Mohandas Gandhi. Nabuo naman ang bansang Pakistan dahil ipinaglaban nila ang pagkakaroon ng sariling bansa para sa mga Muslim. Samantala, ang mga bansa naman sa Kanlurang Asya ay nakamit ang kalayaan sa mga Kanluranin matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. Anong kongklusyon ang mabubuo mo tungkol dito?
   a. Ang mga karanasan noong panahon ng kolonyalismo ay nakatulong upang magkaisa ang mga mamamayan.
   b. Ang nasyonalismo ay nakaimpluwensiya sa mga Asyano upang ipaglaban ang kanilang kalayaan.
   c. Ang mga Asyano at Kanluranin ay nagkaroon ng mabuting ugnayan noong panahon ng imperyalismo.
   d. Ang dinaranas na kalayaan at kaunlaran ng mga Asyano sa kasalukuyan ay bunga ng kanilang malalim na pagmamahal sa bansa.

9. Bilang bahagi ng isang programa para sa pagkakaisa ng mga Asyano, magkakaroon ng ekshibit tungkol sa mga kilalang Asyano na nagpamalas ng damdaming nasyonalismo. Ikaw ay naatasan na gumawa ng *campaign material* tungkol sa napili mong personalidad. Ilalahad mo ito sa mga opisyal na bumubuo ng ekshibit. Alin sa sumusunod ang angkop na gawin?
   a. poster
   b. slogan
   c. essay
   d. proposal

10. Bakit buong pusong isinasagawa ang *sati* sa India?
    a. Dahil sa paniniwalang mawawala ang mga kasalanan nila kung sumakabilang buhay na
    b. Dahil sa tradisyong sinusunod at pagtutol sa modernisasyon
    c. Dahil sa ito ay paglilinis ng kasalanan ng asawang lalaki at maging ng biyuda
    d. Dahil sa paniniwalang makamtan ng mag-asawa ang kapayapaan sa kabilang buhay

11. Sa kasalukuyan, marami na rin ang mga kababaihang Asyano ang may hawak ng mataas na posisyon sa pamahalaan. Bakit may kakayahang humawak ng mataas na posisyon sa pamahalaan ang babaeng Asyano?
    a. Dahil sa siya ay ipinaganak na may kakayahang maging isang lider
    b. Dahil sa mga patunay na may mga lider na sa Asya na mga babae na pumantay sa kakayahan ng mga lalaking pinuno
    c. Dahil bawat mamamayan ay may pantay-pantay na karapatang mamuno sa mundong ginagalawan
    d. Dahil ang mga babae ay may edukasyon din tulad ng mga lalaki

12. Isa kang tagasulong ng mga karapatan ng mga kababaihan. Gusto mong ipaalam ito sa karamihan kaya naisipan mong gumawa ng isang *campaign material* para sa karapatan ng mga kababaihan sa Asya. Alin sa mga sumusunod na isyu ang uunahin mong matugunan?
    a. Diskriminasyon sa pagawaan
    b. Sex trafficking
    c. Wife battery
    d. Edukasyon

13. Ikaw ay naimbitahang maging isang tagapagsalita ng mga kababaihan sa Asya sa isang *convention.* Ang tema nito ay *Transpormasyon ng mga Kababaihan sa Asya.* Alin sa mga sumusunod ang iyong gagawin upang paghandaan ang okasyon?
    a. Magbibigay ng mga larawan ng mga kababaihan na nasa pulitika.
    b. Maghahanda ng magagandang halimbawa para hindi mawala ang interes ng mga tagapakinig.
    c. Pipili ng mga kuwento na makapagbibigay ng inspirasyon at makasasagot sa paksang ibinigay.
    d. Gagamit ng makabagong teknolohiya sa presentasyon para sila ay mapahanga.

14. Alin sa mga sumusunod na organisasyon ang tumutulong sa pag-angat ng katayuan ng mga kababaihan sa India?
    a. Gabriela
    b. Jaipur Rugs Organization
    c. UN Security Council
    d. World Health Organization

15. Alin sa mga sumusunod ang naging pang-ekonomiyang bunga ng pananakop ng mga Europeo sa Asya?
    a. Pagkakaroon ng salinlahi
    b. Naging edukado ang mga Asyano
    c. Napakinabangan ng mga Kanluranin ang yaman ng Asya na sanay nagamit ng mga Asyano para sa kanilang kaunlaran.
    d. Gumanda ang pamumuhay ng mga Asyano kasabay ng pagbuti ng pamumuhay ng mga Europeo.

16. Ano ang tawag sa pangyayaring nag-aklas ang mga sundalong Indian at Muslim dahil sa kalapastanganan ng mga British sa kanilang paniniwala?
    a. Sepoy Mutiny
    b. Salt March
    c. Black Hole
    d. Independence Day

Para sa bilang 17, suriin ang sumusunod na pahayag:

“In a gentle way, you can shake the world”

- Mahatma Gandhi

17. Batay sa pahayag sa itaas, alin sa sumusunod ang pamamaraang ginamit ni Gandhi upang ipaglaban ang kanilang kalayaan?
    a. mapayapa
    b. marahas
    c. mapayapa at marahas
    d. mapanghinuhod

18. Nakamit ng mga Indian ang kanilang kalayaan sa mga British noong 1947 dahil sa pakikipaglaban ni Mohandas Gandhi. Nabuo naman ang bansang Pakistan dahil ipinaglaban nila ang pagkakaroon ng sariling bansa para sa mga Muslim. Samantala, ang mga bansa naman sa Kanlurang Asya ay nakamit ang kalayaan sa mga kanluranin matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. Anong kongklusyon ang mabubuo mo tungkol dito?
    a. Ang mga karanasan noong panahon ng kolonyalismo ay nakatulong upang magkaisa ang mga mamamayan.
    b. Ang nasyonalismo ay nakaimpluwensiya sa mga Asyano upang ipaglaban ang kanilang kalayaan.
    c. Ang mga Asyano at Kanluranin ay nagkaroon ng mabuting ugnayan noong panahon ng imperyalismo.
    d. Ang dinaranas na kalayaan at kaunlaran ng mga Asyano sa kasalukuyan ay bunga ng kanilang malalim na pagmamahal sa bansa.

19. Bilang bahagi ng isang programa para sa pagkakaisa ng mga Asyano, magkakaroon ng ekshibit tungkol sa mga kilalang Asyano na nagpamalas ng damdaming nasyonalismo. Ikaw ay naatasang gumawa ng *campaign material* tungkol sa napili mong personalidad. Ilalahad mo ito sa mga opisyal na bumubuo ng ekshibit. Paano mo ito tatayain?

    a. nilalaman, organisasyon at pagkamalikhain
    b. nilalaman, organisasyon, pagkamalikhain at kaangkupan
    c. nilalaman, organisasyon, at kaayusan
    d. proposal

20. Alin sa mga sumusunod na pangyayari ang kapansin-pansing bunga ng tensiyong *Cold War?*
    a. Matinding gutom sa mga bansang Asyano
    b. Pananatiling pangingibabaw ng Estados Unidos sa pulitikal at ekonomiyang kapangyarihan.
    c. Matinding suliraning pang-ekonomiya ng Unyong Sobyet.
    d. Pagkakahati ng daigdig sa Silangan at Kanluran

## GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL

**Imperyalismo** – ito ay isang paraan ng pamamahala kung saan ang mga makapangyarihang bansa ay naghahangad na palawakin ang kanilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagsakop ng mga bansa. Kinokontrol nila ang ang sistemang pangkabuhayan at pampolitika ng mga bansang kanilang nasakop.

**India** - Ang India o Indiya o opisyal na tinutukoy na Republika ng India ay isang bansang matatagpuan sa Timog Asya. It o ay ang ikaapat na pinakamalaking bansa sa buong mundo ayon sa lawak ng teritoryo. At ito rin ang bansang pangalawa sa pinakamaraming populasyon sa buong mundo.

**Kanlurang Asya** - kadalasang ginagamit sa mga kasulatan tungkol sa arkeolohiya ang huling bahagi ng prehistory ng rehiyon. Ang Kanlurang Asya ang rehiyong pinagtatagpuan ng hangganan ng tatlong mahahalagang kontinente sa daigdig—ang Africa, Asya at Europa.

**Kolonya** - ang lupang sakop o pook na nasasakupan. Ito rin ang tawag sa mga taong dumayo sa pook na sinakop, kasama ang naging mga kaapu-apuhan nila, partikular na ang nananatiling umuugnay sa bansa o inang-bayang iniwanan nila.

**Kolonyalismo** - ang tuwirang pananakop ng isang bansa sa iba pa upang mapagsamantalahan ang yaman nito o makuha rito ang iba pang pangangailangan ng mangongolonya.

**Middle East** - isang rehiyong makasaysayan at pangkultura sa Aprika-Eurasya na tinuturing sa tradisyon bilang ang mga bansa o rehiyon ng Timog-kanlurang Asya kasama ang Ehipto.

**Ruta** - ng kalakalan ay isang magkakasunod na landas o mga daan na ginagamit para sa pagdadala o transportasyong pangkomersiyo ng mga kargada.

**Timog Asya** –o Katimugang Asya ay ang katimugang rehiyong ng kontinenteng Asya na binubuo ng mga bansa sa timog ng Himalaya. Naghahanggan ang Timog Asya sa Karagatang Indiyano sa tim
og, at sa kalupaan, nang mga rehiyon ng Kanlurang Asya, Gitnang Asya, Silangang Asya at Timog-Silangang Asya.

**Transpormasyon** - ang pagbabago ng isang bagay papunta sa isa pang bagay.
- radikal na pagbabago ng anyo.

## TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL

https://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKmKFxDZZaLmwAAQSzRwx.;_ylu=X3oDMTE0OHI2dGRzBGNvbG8Dc2czBHBvcwMxBHZ0aWQD

QjAzMjZfMQRzZWMDcGl2cw--?p=world+map&fr=yfp-t&fr2=piv-web larawan ng mapa

http://mentalfloss.com/article/86338/8-trade-routes-shaped-world-history naglalaman ng 8 daanan sa kalakalan

https://www.metmuseum.org/toah/hd/trade/hd_trade.htm ukol sa Trade Routes between Europe and Asia during Antiquity

https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S2212567114000094 naglalaman tungkol sa Black Sea: Old Trade Routes and Current Perspectives of Socioeconomic Co-operation

https://blogs.timesofindia.indiatimes.com/toi-edit-page/the-silk-road-old-and-new/ naglalaman ukol sa Silk Road

https://ig.ft.com/sites/special-reports/one-belt-one-road/ ukol sa bagong ruta ng kalakalan

https://www.youtube.com/watch?v=eoHLfeotrX0 ukol sa unang yugto ng koloyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

https://www.youtube.com/watch?v=42f1iQJK-Vg ukol sa unang yugto ng koloyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

https://www.youtube.com/watch?v=7er620jCskM naglalaman ng ikalawang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

http://people.stfx.ca/x2011/x2011teo/20122013/DEVS%20201%202013%20Winter%20%20Langdon/006015%20Colonialism%20Section/009%20Imperialism%20and%20the%20Colonial%20Experience%20%20AllinaPisano%20(Imperial_and_the_colonial_experience).pdf Imperialism and Colonialism

https://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=AwrwNFw5GZZaEb4AuQazRwx.;_ylu=X3oDMTE0OHI2dGRzBGNvbG8Dc2czBHBvcwMxBHZ0aWQDQjAzMjZfMQRzZWMDcGl2cw?p=Transformation+during+age+of+colonialism+and+imerialism&fr=yfpt&fr2=pivweb#id=3&iurl=http%3A%2F%2Fusers.rcn.com%2Fmwhite28%2Fimages%2F1907-flg.gif&action=click mapa ng mga nasakop na bansa ng mga Europeo

https://www.youtube.com/watch?v=MMea9-ikwY0 ukol sa epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

http://slideplayer.com/slide/6390954/ Asian experience in colonialism

http://webs.bcp.org/sites/vcleary/modernworldhistorytextbook/imperialism/section_4/earlyindia.html naglalaman ukol sa imperyalismo sa India

http://www.history.ac.uk/reviews/review/575 naglalaman tungkol sa kolonyalismo at imperyalismo sa Kanlurang Asya

https://intpolicydigest.org/2014/08/12/blowback-british-imperialism-in-the-middle-east/ ukol sa imperyalismo sa Middle East

http://www.oxfordscholarship.com/view/10.1093/acprof:oso/9780199540839.001.0001/acprof-9780199540839 Western Imperialism in the Middle East 1914-1958

https://quizlet.com/39870081/positive-and-negative-effects-of-imperialism-flash-cards/ naglalaman ng positibo at negatibong epekto ng imperyalismo

https://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=A2oKmKI6H5Zag10A7g.zRwx.;_ylu=X3oDMTE0OHI2dGRzBGNvbG8Dc2czBHBvcwMxBHZ0aWQDQjAzMjZfMQRzZWMDcGl2cw--?p=effects+of+imerialism+and+colonialism&fr=yfp-t&fr2=piv-web#id=34&iurl=https%3A%2F%2Fi.ytimg.com%2Fvi%2FqgsPLiSTErg%2Fhqdefault.jpg&action=click larawan ukol sa kolonyalismo

https://www.shmoop.com/white-mans-burden/poem-text.html White Man’s Burden

https://osu.pb.unizin.org/key2mideast/chapter/the-impact-of-imperialism-on-the-region/ study on the effects of imperialism in the modern times

http://www.preservearticles.com/2011090412997/impact-of-westsern-colonialism-and-imperialism-on-asia-and-africa.html Impact of colonialism and imperialism

https://www.ukessays.com/essays/history/influences-of-western-imperialism-in-the-middle-east-history-essay.php sanaysay ukol sa imperyalismo

https://imperialismshs.weebly.com/india.html ukol sa modern effects of imperialism in India

https://history.libraries.wsu.edu/spring2015/2015/01/20/lingering-effects-of-western-european-colonization-on-modern-day-outsourced-labor/ Lingering effects of British Colonization on India in creating the Third World DHRA #5

https://www.globalpolicy.org/component/content/article/169-history/36399.html The Impact of Imperialism in Iraq

https://prezi.com/xltuzyor7hda/western-imperialism-on-iraq/ Western Imperialism in Iraq

## Aralin 3: Ang Pag-usbong ng Nasyonalismo

### ☑ MGA PAMBUNGAD AT PANTUONG MGA TANONG:

Isang mapagpalayang pagbati sa iyo.

Ang bahagi ng mundong tinatawag ngayong Kanlurang Asya, subalit mas kilala sa katawagang Gitnang Silangan (Middle East), at kung minsan ay Timog Kanlurang Asya, ang isa sa pinakakilalang bahagi ng daigdig para sa mga Pilipino. Hindi lamang dahil ito sa daang libong mga kababayan nating nagtatrabaho rito subalit dahil sa nasa kalagitnaan ang rehiyong ito ng Pakikidigma laban sa Terorismo, ang isa sa pinakamagulo at madugong pangyayari sa ngayon.

Sa kabila nito, marami naman sa atin ang may napakalimitadong ideya tungkol sa Kanlurang Asya. Totoo ito kahit na sa mga mag-aaral ng Araling Panlipunan at Kasaysayan ng Asya. Ang masama pa, limitado na nga ang pagkakaalam at pagkakakilala natin sa Kanlurang Asya, marami pa sa mga ito ang mali.

Sa kabilang dako, hindi ganoon kadirekta at kalapit sa Pilipinas at karanasan ng mga Pilipino (maliban na lamang siguro sa mga kababayan nating may direktang kaugnayan sa mga tinatawag na Bombay) ang kalagayan ng Timog Asya. Hindi rin naman ganoon napagtutuunan ng pansin at nailalagay sa mga balita ang mga pangyayaring may kaugnayan sa Timog Asya sa libel na katulad nang pagbibigay pansin sa Kanlurang Asya.

Sa kabila nito, mahalaga pa rin ang papel na ginagampanan ng Timog Asya sa kalagayan ng mundo sa kasalukuyan. Hindi lamang dahil sa ang rehiyong ito ang isa sa may pinakalaking populasyon sa buong mundo kung hindi na rin dahil sa mga kalagayang pulitikal at ekonomikal dito. Halimbawa na rito ang paglabas ng India bilang isa sa mga bansang may pinakamalakas na ekonomiya at ang palagian nang panganib ng pagsiklab ng isang digmaang nukleyar sa pagitan ng India at ng Pakistan. Sa parehong pangyayari at kalagayan, kahit na wala pa tayong gaanong karanasan sa Timog Asya, madali nating makikita kung bakit mahalaga pa ring kilalanin at unawain ang bahaging ito ng mundo.

Kaya nga, sa gabay sa pagkakatutong ito, susubukan nating madagdagan kung kulang, maitama kung mali, at mapalalim kung tama ang mga kaalaman mo ukol sa Kanluran at Timog Asya.

Subalit dahil sa ang bahaging ito ng taon at ng ating pag-aaral ay nakatuon na sa pagsilang, paglakas at pagkalat ng nasyonalismo sa mga rehiyong ito, dito natin gugulin ang ating panahon, pag-unawa at lakas. Lalung-lalo na, susubukan nating masagot ang mga sumusunod na katanungang pantuon:

1. ***Ano ang naging karanasan ng mga Timog at Kanlurang Asyano na nakatulong sa paglabas, paglakas at paglaganap ng nasyonalismo rito?***

2. ***Paano hinubog ng nasyonalismo ang naging kasaysayan at buhay ng mga Timog at Kanlurang Asyano?***

3. ***Sa paanong paraan nakaugat ang mga kalagayan ng Timog at Kanlurang Asya at ng mundo sa ngayon sa naging paglabas, paglakas at paglaganap ng nasyonalismo sa rehiyong ito?***

4. ***Paano kaya natin magagamit sa ating buhay bilang isang indibiduwal at isang bansa ang mga aral na matututunan natin mula sa nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya?***

Harinawa, sa pamamagitan ng mga katanungang ito, magagabayan ka sa iyong pag-unawa sa araling ito at na magagamit mo ang mga matututunan dito sa iyong buhay bilang indibiduwal at bilang Pilipino.

## ☑ MGA ARALIN AT SAKOP NG MODYUL

***Aralin 1 – Konsepto ng Kolonyalismo at Imperyalismo***

- Mga dahilan, paraan at epekto ng kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya
- Papel ng kolonyalismo at imperyalismo sa kasaysayan ng Timog at Kanlurang Asya

***Aralin 2 – Ang Panahon ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya***

- Transpormasyon ng mga pamayanan at estado sa Timog at Kanlurang Asya sa pagpasok ng mga kaisipan at impluwensiyang kanluranin sa larangan ng (a) pamamahala, (b) kabuhayan, (c) teknolohiya, (d) lipunan, (e) paniniwala, (f) pagpapahalaga, at (g) sining at kultura.
- Ang mga nagbago at nanatili sa ilalim ng kolonyalismo
- Epekto ng kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya
- Ang mga Karanasan sa Timog at Kanlurang Asya sa ilalim ng kolonyalismo at imperyalismong kanluranin

***Aralin 3 – Ang Pag-usbong ng Nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya***

- Papel ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya
- Ang mga salik at pangyayaring nagbigay daan sa pag-usbong at pag-unlad ng nasyonalismo
- Iba't ibang manipestasyon ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya
- Bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya tungo sa paglaya ng mga bansa mula sa imperyalismo
- Epekto ng nasyonalismo sa sigalot etniko sa Asya katulad ng partisyon/ paghahati ng India at Pakistan
- Mga pamamaraang ginamit sa Timog at Kanlurang Asya sa pagkakatamo ng kalayaan
- Epekto ng mga digmaang pandaidig sa pag-angat ng mga malawakang kilusang nasyonalista ( hal: epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig sa pagtatatag ng sistemang mandato sa Kanlurang Asya)

***Aralin 4 – Ang Daan tungo sa Paglaya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya***

- Iba't ibang ideyolohiya (ideolohiya ng malayang demokrasya, sosyalismo at komunismo) sa mga malawakang kilusang nasyonalista
- Epekto ng mga samahang kababaihan at ng mga kalagayang panlipunan sa buhay ng kababaihan tungo sa pagkakapantay-pantay, pagkakataong pang-ekonomiya at karapatang pampulitika
- Bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay wakas sa imperyalismo
- Mga pagbabago sa mga bansang bumubuo sa Timog at Kanlurang Asya
- Balangkas ng pamahalaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya
- Mga palatuntunang nagtataguyod sa karapatan ng mamamayan sa pangkalahatan at ng kababaihan, grupong katutubo, mga kasapi ng caste sa India at iba pang sektor ng lipunan
- Ang kalagayan at papel ng kababaihan sa iba't ibang bahagi ng Timog at Kanlurang Asya at ang kanilang ambag sa bansa at rehiyon
- Ang kinalaman ng edukasyon sa pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya

***Aralin 5 – Ang mga Pagbabago sa Timog at Kanlurang Asya***

- Bahaging ginampanan ng relihiyon sa iba't ibang aspeto ng pamumuhay
- Mga kasalukuyang pagbabagong pang-ekonomiya na naganap/ nagaganap sa mga bansa
- Pagkakaiba-iba ng antas ng pagsulong at pag-unlad ng Timog at Kanlurang Asya gamit ang estadistika at kaugnay na datos.
- Mga anyo at tugon sa neokolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya
- Epekto ng kalakalan sa pagbabagong pang-ekonomiya at pangkultura ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya

- Kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya sa larangan ng sining at humanidades at palakasan
- Pagkakakilanlan ng kulturang Asyano batay sa mga kontribusyong ito

***Sa modyul na ito, inaasahang susuriin mo ang mga sumusunod na tanong sa pagtalakay ng aralin.***

1. Paano nahubog ang pagkakilanlang Asyano sa Timog at Kanlurang Asya?
2. Sa paanong paraan nakaapekto ang kolonyalismo at imperyalismong kanluranin sa mga bansa sa Asya?
3. Paano hinubog ng iba't ibang pangyayaring nagbigay daan sa pag-usbong at pag-unlad ng nasyonalismo ang mga bansa at mamamayan ng Timog at Kanlurang Asya?

**Sa araling ito, inaasahang matutunan mo ang mga sumusunod:**

| | |
|---|---|
| *Aralin 1* | • Napapahalagahan ang pagtugon ng mga Asyano sa mga hamon ng pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (16-20 siglo)<br>• Nasusuri ang mga dahilan at paraan ng kolonyalismo at imperyalismo ng Kanluran sa unang yugto (ika-16 at ika-17 siglo) at sa pagdating nila sa Timog at Kanlurang Asya<br>• Nabibigyang halaga ang papel ng kolonyalismo at imperyalismo sa kasaysayan ng Timog at Kanlurang Asya |
| *Aralin 2* | • Nasusuri ang transpormasyon ng mga pamayanan at estado sa Timog at Kanlurang Asya sa pagpasok ng mga kaisipan at impluwensiyang kanluranin sa larangan ng (a) pamamahala, (b) kabuhayan, (c) teknolohiya, (d) lipunan, (e) paniniwala, (f) pagpapahalaga, at (g) sining at kultura.<br>• Naipaliliwanag ang mga nagbago at nanatili sa ilalim ng kolonyalismo<br>• Natataya ang mga epekto ng kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya<br>• Naihahambing ang mga karanasan sa Timog at Kanlurang Asya sa ilalim ng kolonyalismo at imperyalismong kanluranin |
| *Aralin 3* | • Nabibigyang-halaga ang papel ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya<br>• Nasusuri ang mga salik at pangyayaring nagbigay daan sa pag-usbong at pag-unlad ng nasyonalismo<br>• Naipaliliwanag ang iba't ibang manipestasyon ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya |

| | |
|---|---|
| | • Naipahahayag ang pagpapahalaga sa bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya tungo sa paglaya ng mga bansa mula sa imperyalismo<br>• Nasusuri ang epekto ng nasyonalismo sa sigalot etniko sa Asya katulad ng partisyon/ paghahati ng India at Pakistan<br><br>• Nasusuri ang mga pamamaraang ginamit sa Timog at Kanlurang Asya sa pagkakatamo ng kalayaan mula sa kolonyalismo<br>• Nasusuri ang matinding epekto ng mga digmaang pandaidig sa pag-angat ng mga malawakang kilusang nasyonalista (hal: epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig sa pagtatag ng sistemang mandato sa Kanlurang Asya)<br>• Naipahahayag ang pagpapahalaga sa bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay wakas sa imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya |
| *Aralin 4* | • Nasusuri ang kaugnayan ng iba't ibang ideolohiya (demokrasya, sosyalismo at komunismo) sa mga malawakang kilusang nasyonalista<br>• Nasusuri ang balangkas ng pamahalaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya<br>• Nasusuri at naikukumpara ang mga palatuntunang nagtataguyod sa karapatan ng mga mamamayan sa pangkalahatan at ng kababaihan, grupong katutubo, mga kasapi ng caste sa India at iba pang sektor ng lipunan<br>• Naihahambing ang kalagayan at papel ng kababaihan sa iba't ibang bahagi ng Timog at Kanlurang Asya at ang kanilang ambag sa bansa at rehiyon<br>• Natataya ang epekto ng mga samahang kababaihan at ng mga kalagayang panlipunan sa buhay ng kababaihan tungo sa pagkakapantay-pantay, pagkakataong pang-ekonomiya at karapatang pang-ekonomiya<br>• Natataya ang kinalaman ng edukasyon sa pamumuhay ng mga Asyano<br>• Natataya ang bahaging ginampanan ng relihiyon sa iba't ibang aspeto ng pamumuhay |
| *Aralin 5* | • Naiuugnay ang mga kasalukuyang pagbabagong pang-ekonomiya na naganap/nagaganap sa kalagayan ng mga bansa<br>• Naihahambing ang mga pagbabago sa mga bansang bumubuo sa Timog at Kanlurang Asya |




| | |
|---|---|
| | • Natataya ang pagkakaiba-iba ng antas ng pagsulong at pag-unlad ng Timog at Kanlurang Asya gamit ang estadistika at kaugnay na datos.<br>• Nasusuri ang mga anyo at tugon sa neokolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya<br>• Nasusuri ang kinalaman ng edukasyon sa pamumuhay ng mga Asyano<br>• Natataya ang epekto ng kalakalan sa pagbabagong pang-ekonomiya at pangkultura ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya<br>• Napahahalagahan ang mga kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya sa larangan ng sining at humanidades at palakasan<br>• Nahihinuha ang pagkakakilanlan ng kulturang Asyano batay sa mga kontribusyong ito. |

**Narito ang grapikong pantulong ng aralin:**

## ☑ INAASAHANG KASANAYAN

Upang maayos mong matapos ang mga gawain sa modyul na ito, kailangan mong tandaan ang mga sumusunod:

1. Mahalagang basahing mabuti ang mga teksto para higit mo itong maunawaan. Magagamit mo ang mga kaalaman dito sa pagsagot ng mga gawain sa bawat aralin;

2. Huwag magmadali sa pagsagot ng mga gawain. Tandaan na sa simula ng ng mga ito ay may mga panuto. Basahin ito at unawaing mabuti bago sagutan ang bawat gawain;
3. Ang paunang pagsusulit ay makatutulong upang matukoy ang iyong kaalaman ukol sa mga paksang tatalakayin sa modyul na ito. Sagutan mo ito upang iyong malaman ang iyong kahandaan sa mga aralin dito.
4. Sa pagtatapos ng modyul ay may pagsusulit na susukat ng iyong mga natutunan at naunawaan mula sa mga aralin at gawain na iyong natapos. Pagsikapang sagutan ito dahil ito ang magsasabi ng iyong libel ng pagkatuto at kung handa ka na para sa susunod na modyul.

## PANIMULANG PAGTATAYA

Upang mataya ang iyong panimulang kaalaman tungkol sa mga araling tatalakayin sa modyul na ito, sagutin mo ang *preconception check*. Basahin at unawain mo ang mga pahayag sa ibaba. Lagyan mo ng tsek (/) ang kahon ng mga pahayag na iyong pinaniniwalaan.

Kung handa ka na, pindutin ang SIMULA.

1. Sa mga pinunong nasyonalistang ito, sino ang kinikilalang gumamit ng paraan ng kapayapaan para sa paglaban sa kalayaan?
   A. Gamal Abd Al-Nasser
   B. Mohandas Gandhi
   C. Ibn Saud
   D. Wala sa mga ito

2. Anong bansa ay may sakop sa karamihan sa mga lupain sa Kanlurang Asya bago ang Unang Digmaang Pandaigdig
   A. Britanya
   B. Pransiya
   C. Imperyong Ottoman
   D. Imperyong Russo

3. Tumutukoy ang ideyang ito sa paggalang sa lahat ng may buhay, ang batayan ng pamamaraan ni Gandhi ng mapayapang pakikipaglaban.
   A. Satyagraha
   B. Swaraj
   C. Ahimsa
   D. Wala sa mga ito

4. Alin sa mga sumusunod na turo ni Gandhi ang maaaring gamitin sa sumusunod na kalagayan: Iniutos ni Pangulong Aquino ang pagsalakay ng mga sundalo sa mga Hukbong MNLF na nais na namang pumasok sa Lungsod ng Zamboanga.
    A. "You'll find that there is enough room for us all."
    B. "There is no beauty even in the finest cloth if it brings hardship and suffering."
    C. "An eye for an eye will just make the whole world blind."
    D. Wala sa mga ito ang tamang sagot

5. Alin sa mga sumusunod na turo ni Gandhi ang maaaring gamitin sa sumusunod na kalagayan: Maraming mayayaman ang kumakain sa Starbucks kahit na maraming mga pulubi ang nakakikita sa kanilang pumapasok dito.
    A. "You'll find that there is enough room for us all."
    B. "There is no beauty even in the finest cloth if it brings hardship and suffering."
    C. "An eye for an eye will just make the whole world blind."
    D. Wala sa mga ito ang tamang sagot

6. Alin sa mga sumusunod na turo ni Gandhi ang maaaring gamitin sa sumusunod na kalagayan: Palaging niloloko nina Martin ang isang kaklase dahil sa itsura nito.
    A. "You'll find that there is enough room for us all." - X
    B. "There is no beauty even in the finest cloth if it brings hardship and suffering."
    C. "An eye for an eye will just make the whole world blind."
    D. Wala sa mga ito ang tamang sagot

## PAGTUKLAS

Simulan natin ang modyul na ito sa pamamagitan ng sumusunod na gawain.

### GAWAIN 1. Pagnunood at Pagsusuri ng mga Pelikula

Tunguhin ang dalawang lugar sa ibaba sa internet. Mga dugtong (link) ang mga ito sa dalawang pelikula/palabas. Pagkatapos ng panunood, sagutan ang mga gabay na katanungan.

Unang Pelikula - https://www.youtube.com/watch?v=y1DHNoHxB_c (Nagmula ang eksenang ito sa pelikulang Gandhi na ipinalabas noong 1980s. Ipinakikita rito ang isang paraan ng mapayapang pakikipaglaban ng mga taga-India sa mga Briton.)

Ikalawang Pelikula – https://www.youtube.com/watch?v=nh28XcnpzX4 (Ipinakikita rito ang ilang mga kuha ng mga video habang sinasalakay ang World Trade Center noong ika-9 ng Setiembre 2001.)

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Bakit pinagpapalo ng mga pulis ang mga tao sa unang pelikula? Bakit naman gusto ng mga taong ito na pumasok sa pagawaan ng asin?
2. Batay sa pagkakaalam mo, sino si Gandhi? Ano ang kinalaman niya sa ipinakita sa unang pelikula?
3. Sa paanong paraan nauugnay ang unang pelikula sa nasyonalismo? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.
4. Tungkol saan ang ikalawang pelikula? May alam ka ba kung bakit pinabagsak ang mga eroplano sa mga gusaling makikita sa pelikulang ito?
5. Ang pagpapabagsak ng mga eroplanong ito, tinatawag na ano? Pero isang uri rin kaya ito ng nasyonalismo? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.

Nakita natin sa dalawang pelikulang ito ang dalawa at magkaibang uri ng nasyonalismo. Sa unang pelikula, ang paraan ng nasyonalismong ginamit ng mga taga-India sa pamumuno ni Gandhi. Sa ikalawa, isang uri ng nasyonalismong para sa iba ay terorismo subalit madalas naiuugnay sa mga taga-Kanlurang Asya na mas kilala sa katawagang mga Arabo.

Sa unang pelikula, parang mas madaling maunawaang nasyonalismo lalo na kung mas mauunawaan pa ang konteksto ng pagtitiis ng mga nagpoprotesta sa pamamalo ng  mga pulis. Sa ikalawa, mas mahirap na tanggaping nasyonalismo

dahil sa dami ng inosenteng taong namatay. Baka mas mauunawaan pa sa pamamagitan ng mas malalim na pagtalakay.

Kaya nga, sa araling ito, ito ang dalawa sa mga tatalakayin natin: ang pamamaraang nasyonalista ni Gandhi at ang paraan ng ibang mga Arabo ng nasyonalismo na mas kinikilala ng iba na terorismo. Bakit ba mga naganap? Paano ba mga ginamit? Susubukan nating ang lahat ng ito ay masagot sa gabay sa pagkakatutong ito.

Subalit bago ito, tunguhin muna natin ang susunod na gawain.

## GAWAIN 2. Mapa ng Konseptuwal na Pagbabago

Ipinakikita sa mapa ng konseptuwal na pagbabago ang mangyayaring pag-iiba sa pagkakaunawa mo sa araling ito. Mula sa dati mong kaalaman o pagkakaunawa tungkol sa araling ito hanggang sa kahuli-hulihan mong pag-unawa.

| **Mapa ng Pagbabagong Konseptuwal** | |
|---|---|
| **Panuto**: Nilalayon ng isang mapa ng pagbabagong konseptuwal na maipakita ang pagbabagong magaganap sa iyong pagkakaalam at pagkaunawa sa ilang mahahalagang ideyang may kinalaman sa araling tinatalakay. Kaya nga, sa bahaging ito, ang panimulang kaalaman at pag-unawa mo ang hinahanap. Batay dito, sagutan ang mga sumusunod na katanungan kung tama o mali ang mga ito. Magbigay din ng maikling pagpapaliwanag kung bakit ganito ang naging kasagutan mo. Tiyaking hindi muna mapunan ang mga kahon para sa Binagong Kasagutan at Huling Kasagutan. | |
| 1. Pagpapakita ng nasyonalismo kapag pinili mong sumali sa hukbong sandatahan ng bansa mo kung sakaling may bansang magtatangkang sumakop sa inyo. | |
| Panimulang Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag: |
| Binagong Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag: |
| Huling Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag: |
| 2. Maaaring makamit ang kalayaan mula sa mga mananakop sa isang mapayapang pamamaraan. | |
| Panimulang Kasagutan | |

| | |
|---|---|
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| Binagong Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| Huling Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| 3. Bukod kay Gandhi, si Jawaharlal Nehru ang isa pang pinuno ng nasyonalismo sa India. | |
| Panimulang Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| Binagong Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| Huling Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| 4. Hindi maaaring makatulong sa pag-abot sa kalayaan ang hindi pagbili ng mga produktong gawa ng mga mananakop. | |
| Panimulang Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| Binagong Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| Huling Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |

| 5. Ang Imperyong Ottoman na siyang nakasasakop sa Kanlurang Asya bago ang Unang Digmaang Pandaigdig ay isang Europeong Lakas. | |
|---|---|
| Panimulang Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| Binagong Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| Huling Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| 6. Maaaring pagbatayan ng nasyonalismo ang relihiyon at wika. | |
| Panimulang Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| Binagong Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| Huling Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| 7. Madalas na nagagamit na dahilan ang pakikipaglaban sa interes ng bayang minamahal sa pagdamay sa mga walang mulan sa karahasan at pagpatay. | |
| Panimulang Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| Binagong Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |
| Huling Kasagutan | |
| Tama o Mali | Pagpapaliwanag/Patunay: |

| | |
|---|---|


Mukhang naging matagumpay naman tayo sa pagpapalabas ng iyong mga panimulang ideya ukol sa araling ito sa pamamagitan ng mapa ng konseptuwal na pagbabagong ito. Muli nating babalikan ang mapang ito at titignan natin kung mababago ang mga kasagutan mo pagkatapos ng ilan pang mga gawain. Sa bahaging ito, tumungo na tayo sa bahaging paglinang ng gabay na ito.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

### GAWAIN 3. Pagsusuri ng mga Mapa

Ang pagsusuri ng mga mapa ang isa sa pinakasimple subalit pinakaepektibong pamamaraan para sa pag-aaral ng mga pangyayari sa nakaraan. Kaya nga, sa gawaing ito, suriin natin ang mga mapa sa ibaba gamit ang mga gabay na katanungan.

Mapa Titik A (http://www.zum.de/whkmla/histatlas/asia/sasia1925large.gif)



Mapa Titik B (https://jspivey.wikispaces.com/file/view/southasiapolitical3.jpg/31081129/southasiapolitical3.jpg)





Mapa Titik C (http://lostislamichistory.com/wp-content/uploads/2012/12/Ottoman_Empire_1914_h.png)



Mapa Titik D (http://lostislamichistory.com/wp-content/uploads/2012/12/mandate.jpg)




Mapa Titik E (http://ocw.nd.edu/arabic-and-middle-east-studies/islamic-societies-of-the-middle-east-and-north-africa-religion-history-and-culture/lectures/lecture-4)



**Mga Gabay na Katanungan:**

1. Anong rehiyon ang ipinakikita sa mga Mapa Titik A at B? Subalit ano ang mga pagkakaiba ng dalawang mapa sa isa't isa?
2. Sa Mapa Titik A, anu-anong mga bansa ang may kulay pula? Anong imperyalista ang may hawak sa mga bansang ito?
3. Ang mga Mapa Titik C hanggang E, anong rehiyon ng Asya ang ipinakikita? Ano ang pinakamalaking pagkakaiba ng tatlong mapang ito sa isa't isa?
4. Sa Mapa Titik C, anong mananakop ang makikitang may kontrol pa sa pinakamalaking bahagi ng rehiyong ito?
5. Sa Mapa Titik D, anong pagkakaiba na ang nangyari? Ano nang mga mananakop ang nagkaroon ng kontrol sa mga bahagi ng rehiyong ito? Ang Saudi Arabia, ano ang pagkakaiba sa kalagayan sa mga Mapa Titik C at Titik D?
6. Sa Mapa Titik E, ano na ang makikita? Ano ang ipinakikita ng mga numerong nakalagay sa loob ng bawat bansa?
7. Sa mga Mapa Titik B at Titik E, may mga mananakop pa bang makikita sa parehong Kanluran at Timog Asya? Bakit kaya? Ano kaya ang kaugnayan ng nasyonalismo sa pagkawalang ito ng ang mga mananakop?

Madali lamang ba ang katatapos na gawain? Nasagot mo ba nang tama ang mga katanungan at nakilala at nahanap ang mga bansang pinahahanap?

Magaling kung ganoon. Subalit ang kahuli-hulihang tanong, ang tungkol sa papel na ginampanan ng nasyonalismo sa mga pagbabagong naganap, naipaliwanag mo ba nang maayos?

Magaling pa rin kung ganoon. Kaya nga, nasyonalismo ang isa sa may pinakamalaking impluwensiya sa naging paglaya ng mga bansa sa Kanluran at Timog Asya. Paano kaya nangyari ito? Bago natin sagutin ang huling katanungang ito, balikang-aral muna natin ang kahulugan ng nasyonalismo gamit ang susunod na gawain.

## GAWAIN 4. Pagbibigay Kahulugan sa Nasyonalismo

Sa kahon sa ibaba, isulat sa paligid ng salitang nasyonalismo ang iba't ibang ideya na maaari mong iugnay dito. Sa mahabang linya, sa ilalim ng salitang nasyonalismo, isulat mo ang natatandaan mong pormal na kahulugan nito na napag-aralan mo noong nakaraang taon.

NASYONALISMO

**Mga Katanungan:**

1. Anu-ano ang mga salitang naisulat mo sa paligid ng salitang nasyonalismo? Bakit ang mga ito ang naisulat mo?

2. Ano namang kahulugan ng salitang nasyonalismo ang isinulat mo sa linya sa loob ng kahon? Tama kayang kahulugan ito ng nasyonalismo? Kung hindi nakatitiyak, sumangguni sa isang batayang aklat o sa internet para sa tama at pormal na kahulugan nito. Maaari ring balikan, kung naitago pa, ang mga kagamitan sa pag-aaral ukol sa nasyonalismo na ginamit mo noong nakaraang taon.

Katulad sa napag-aralan noong nakaraang taon, hindi pagmamahal sa bansa/bayan ang kahulugan ng nasyonalismo. Sa katunayan, patriyotismo ang salitang tinutukoy ng pagmamahal sa bansa/bayan. Nangangahulugan kasi ang nasyonalismo ng pagkakaalam ng mga tao na sila ay nabibilang sa isang pangkat, na magkakasama sila sa pangkat na ito at na may karapatan ang pangkat na ito sa lupang kanilang tinitirhan, sa isang pamahalaan at sa karapatang magdesisyon para sa kanilang mga sarili. Kaya nga, ang pagkakaalam na ito ng iba't ibang mamamayan sa Asya ang nagtulak sa kanila upang labanan ang imperyalismo at abutin ang kanilang mga kalayaang magtayo ng isang bansa na may pamahalaan at kalayaang magdesisyon para sa kanilang mga sarili. Ang nasyonalismo ring ito ang naging dahilan ng malakihang pagbabagong naganap sa pagkakaayos ng mga teritoryo at bansa sa Timog at Kanlurang Asya noong lumaon.

Subalit anu-ano ba ang mga pangyayaring nagdulot ng pagsilang ng nasyonalismo sa iba't ibang bansa sa Timog at Kanlurang Asya? Sa karanasan ng Pilipinas, natatandaan mo ba ang mga pangyayaring nagdulot ng pagsilang dito ng nasyonalismo? Naitanong ito sapagkat katulad sa Pilipinas, ang pananakop din ng mga imperyalista sa iba pang bansa sa Kanluran at Timog Asya ang naging dahilan ng pagsilang, pagkalat at paglakas ng nasyonalismo sa mga ito. Isang kabalintunaan, hindi ba? Suriin natin kung ganoon kung paano naging dahilan ang pananakop ng mga imperyalista sa paglabas ng nasyonalismo sa Kanluran at Timog Asya.

## GAWAIN 5. Pagbabasa ng isang Website

Basahin ang pagpapaliwanag sa lugar na ito sa internet sa kung paano nagsimulang mamulat ang mga taga-India sa ideya ng nasyonalismo Sagutan din ang mga gabay na katanungan pagkatapos. - http://www.bl.uk/reshelp/findhelpregion/asia/india/indianindependence/indiannat/source1/index.html **(Tungkol ito sa naging kilos nasyonalista sa India.)**

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Sa paanong paraan nakatulong sa pagsilang ng nasyonalismo sa India ang kolonyalismo? Inaasahan kaya ng mga kolonyalistang Briton na ganito ang magiging resulta ng kanilang pagpapakilala ng edukasyon sa India? Bakit mo nasabi ito?
2. Kung isa kang Briton at alam mong magdudulot ng pagkakasilang ng nasyonalismo sa India ang pagpapatayo mo ng mga paaralan dito, magtatayo ka pa rin ba ng mga paaralan dito? Bakit?
3. Ano ang Indian National Congress? Ano ang naging papel nito sa nasyonalismo sa India?
4. Bakit mula sa pakikipagtulungan sa mga Briton, nag-iba tungo sa pakikipaglaban at pakikipagtunggali sa kanila ang naging pagkilos ng mga taga-India? May itinuturo ba sa ating aral ang pangyayaring ito lalo na tungkol sa ideya ng pamumuno? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.

Kaya nga, ang mga mananakop din namang Europeo ang naging dahilan kung bakit nakilala ng kanilang mga nasasakupan ang ideya ng nasyonalismo. Noong lumaon, ginamit na ng mga nasasakupan, lalo na ng mga taga-Timog Asya ang nasyonalismo upang maabot ang kanilang mga kalayaan. Isa sa mga taga-Timog Asyang sumikat dahil sa kakaibang pamamaraan niya ng pag-abot ng kalayaan si Mohandas K. Gandhi. Kilalanin natin kung sino si Mohandas K. Gandhi.

**GAWAIN 6. Panunood ng isang video**


Panuorin ang pelikulang ito na tungkol sa buhay ni Mohandas Gandhi. Dahil sa masyadong mahaba ito, piliin lamang ang mga bahaging may kinalaman sa mga impormasyong hinahanap sa papel pang-impormasyon tungkol kay Gandhi. Maaari ring gumamit ng iba pang mga lugar sa internet upang makuha ang iba pang impormasyong hinahanap. - http://www.gandhiserve.org/streams/mahatma.html **(Tungkol ito sa mga turo ni Mohandas Gandhi.)**

| | |
|---|---|
| Buong Pangalan: | Petsa at Lugar ng Kapanganakan: |
| Pangalan ng Asawa: | Kursong Pinag-aralan: |
| Mga Obrang Nagawa: | Mahahalagang Ideya o Turo at ang Kahulugan ng mga Ito: |
| Mahahalagang Pangyayari sa Buhay: | |

Kakaiba sa karamihan ng mga nakipaglaban para sa kalayaan, hindi gumamit ng karahasan si Gandhi. Sa halip, kapayapaan, paggalang sa mga kalaban at katotohanan ang naging mga pangunahing sandata niya. Dahil dito, hinangaan at ginaya si Gandhi ng marami sa mga nasyonalista sa iba't ibang bahagi ng mundo kasama na ang ating Senador Benigno Aquino, Jr. Sa kasamaang palad, hindi lahat ay nagawang sundan ang daan ng kapayapaan ni Gandhi. Mas marami ang piniling pumatay at magpadanak ng dugo para maabot ang kanilang mga minimithi. Maski na sa kanyang mismong bayang sinilangan, sa India, nauwi rin ang hidwaan sa pagitan ng ma Hindu at mga Muslim sa karahasan. Maski na si Gandhi mismo, may kabalintunaang mamamatay ang alagad ng kapayapaan at pagmamahal sa pamamagitan ng karahasan. Sa bahaging ito, alamin at unawain muna natin ang naging karanasan ng India noong mahiwalay ito sa dalawang bahagi.

## GAWAIN 7. Pagsusuri ng Larawan at Panunood ng Pelikula

Suriin ang larawan sa ibaba at panuoorin ang pelikula na nasa lugar sa internet na ito: http://www.youtube.com/watch?v=ZjyM3xJKnQo **(Nagpapakita ang pelikulang ito nang naging pagkakahati ng India sa dalawa at ang mga kaguluhang naging resulta nito)**. Sagutan din ang mga kasama nitong gabay na katanungan. Magsaliksik din gamit ang mga libro at internet para matulungan sa pagsagot sa mga katanungan.




Mahalaga ito upang maunawaan ang mga salik sa kanilang pagbabago na maaaring nakatulong sa bawat bansa upang mahubog ang kanilang kasay- sayan at upang makamit ang hinahangad na kaunlaran matapos ang
kolonyalismo at imperyalismo.

Susuriin mo ring mabuti ang kalagayang pulitikal, palipunan at pang-ekonomiya upang maintindihan mo kung paano tinugunan ng bawat bansa ang mga suliraning pampulitika at panlipunan (tulad ng kalagayan ng mga kababaihan).

Malalaman mo rin ang pagpapanatili ng bawat bansa sa kani-kanilang kultura na nababatay sa kanilang relihiyon at paniniwala na nagsisilbing pagkakaki- lanlan ng bawat isa.

## GAWAIN 3. Tukuyin Mo

I-klik ang *link* na http://www.merriam-webster.com/ at alamin ang kahulugan ng mga konseptong nauugnay sa mga sumusunod na kaisipan. Ilagay ang sagot sa *definition box* sa ibaba.

a. democracy
b. theocracy
c. monarchy
d. republic
e. parliamentary

| Uri ng Pamahalaan | Kahulugan |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| **KAHALAGAHAN NG MGA URI NG PAMAHALAAN**: | |

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano ang kahulugan ng mga sumusunod:
   a. democracy
   b. *islamic theocracy*
   c. monarkiya
   d. republic
   e. parliamentary

2. Ano ang tawag sa pangkalahatang konsepto na iyong mga sinaliksik?

3. Bakit kailangan mong maunawaan ang mga uri o sistema ng pamahalaan?

4. Paano mababago ng iba't ibang sistemang pulitikal ang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?

## GAWAIN 4. Ang Pagbabago!

Gamitin ang mga *link* sa ibaba upang malaman ang mga impormasyon sa mga sistemang pulitika, ekonomiya at relihiyon ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Sagutan mo ang *Data Retrieval Chart* sa ibaba.

http://www.cotf.edu/earthinfo/sasia/SApeo.html mga sistemang pulitikal at ekonomiya ng Timog Asya

http://www.yaqoot.com/middleeast/ naglalaman ng mg uri ng pamahalaan sa Kanlurang Asya

https://sites.google.com/site/parkerpedia/southwest-asia/people-and-places-of-southwest-asia/three-religions-of-southwest-asia mga relihiyon sa Kanlurang Asya

http://maps.unomaha.edu/Peterson/geog1000/Notes/Notes_Exam2/SWA.html mga relihiyon at ekonomiya sa Kanlurang Asya

| Mga Bansa | Uri ng Pamahalaan | Ekonomiya | Relihiyon | Pinuno |
|---|---|---|---|---|
| **TIMOG ASYA** | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| **KANLURANG ASYA** | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| **KONGKLUSYON:** | | | | |

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano-ano ang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?

2. Ano ang uri ng pamahalaan na umiiral sa bawat bansa?

3. Ano-ano ang mga relihiyong pinapaniwalaan ng bawat bansa?

4. Ano-ano ang mga sektor ng ekonomiya at kahalagahan ng bawat isa? Ipaliwanag.

5. Sino-sino ang mga pinunong humubog sa makabagong kasaysayan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?

6. Paano nakaapekto ang uri ng pamahalaan at relihiyon sa kalagayang pang-ekonomiya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?

7. Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?

## GAWAIN 5. Check Natin

Subukan natin ang iyong nalalalaman sa heograpiya ng Timog at Kanlurang Asya sa pamamagitan ng isang *interactive geoquiz*. I-klik ang mga *link* na nasa ibaba:
http://www.sheppardsoftware.com/Middle-east_Geography.htm *interactive quiz* sa mga bansa sa Kanlurang Asya

http://www.sheppardsoftware.com/Asian_Geography.htm *online games* sa mga bansa at kabisera ng bansa sa Timog at Kanlurang Asya

http://www.triviaplaza.com/geography-asia-quizzes/interactive quiz sa mga bansa, watawat ng Asya at mga siyudad ng India

Nasubukan mo na ang lahat ng *interactive quiz* at *games* na makikita sa ibinigay na *link*. Balikan mo naman ang iyong karanasan sa mga *interactive quiz* at *games* gamit ang mga tanong sa ibaba upang tayain kung hanggang saan ang iyong nagawa o narating.

Sagutin mo ang pamprosesong tanong.

1. Nagustuhan mo ba ang *quiz*? Ilan ang nakuha mong iskor?

2. Saang bahagi ka nahirapan?

3. Ano-ano ang iyong natutuhan sa *interactive quiz*?

4. Bakit mahalagang malaman ang lokasyon at watawat ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?

Nalaman mo na ngayon ang mga relihiyon, uri ng pamahalaan at ekonomiya ng bawat bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Natukoy mo rin ang lokasyon at watawat ng mga bansa sa rehiyong ito na nagpapatunay ng kanilang soberanya o paglaya mula sa kolonyalismo at imperyalismo.

Sa pagkakataong ito, atin namang palawigin ang iyong kaalaman sa kultura at pamilyang Asyano, kalagayan ng mga kababaihan sa India at ang mga programang nagtataguyod ng kanilang mga karapatan. Handa ka na ba? Kung oo, magpatuloy tayo.



**Teksto 1**

I-klik ang mga *link* sa ibaba at basahin ang mga impormasyon tungkol sa pamilya at kulturang Asyano. Unawain ang mga kaisipan at sagutin ang *3-2-1 chart*. Maaari ring gamitin ang www.padlet.com upang itala ang mga mahahalagang impormasyon gamit ang mga sumusunod na balangkas

- Pamilyang Asyano
  a. Katangian
  b. Lokasyon
  c. Pagkakakatulad at Pagkakaiba
- Mga Relihiyon
  a. Iba't Ibang Uri ng Relihiyon
  b. Mga Paniniwala

http://paulmarl.blogspot.com/ pamilyang Asyano
http://asiagroupfour.weebly.com/iraq-israel-at-jordan.html Kultura sa Kanlurang Asya
http://relihiyonatkulturasaasya.blogspot.com/ blog tungkol sa mga epekto ng relihiyon sa mga Asyano

## GAWAIN 6. 3-2-1 Chart

Sagutin ang inihandang 3-2-1 chart.

**3-2-1 Chart**

| |
|---|
| **3 Bagay na Kaaya-aya** |
| **2 Bagay na Nakatawag-pansin** |
| **1 Tanong Mo** |

Kung may mga tanong na nais mong maliwanagan, i-klik lamang ang *website* sa ibaba at i-*e-mail* ito sa guro.

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Saan isinulat o inilahad ang impormasyong nabasa?

2. Ano ang pagkakaiba ng pamilyang Asyano sa pamilyang Amerikano?

3. Bakit mahalaga ang pamilya sa mga Asyano?

4. Paano pinapahalagahan ng mga Asyano ang pamilya?

## GAWAIN 7. Anong Say Mo?

Suriin ang mga datos at impormasyong nakasaad gamit ang mga *link* sa ibaba. Gamit ang *facebook*, mag-*post* ka ng iyong reaksiyon mula sa mga nabasang impormasyon. Ilagay ito sa *dashboard* gamit ang *screen shot.:*
http://www.crowdvoice.org/sexual-assault-in-india?gclid=CM2T8NfUorsCFaUn4godGnQAfQ datos sa sexual assault sa India

http://mrscapua2.blogspot.com/p/ang-kalagayan-ng-kababaihan-sa-ibat.html kalagayan ng mga kababaihan sa Asya

http://www.ohchr.org/Documents/ProfessionalInterest/cedaw.pdf Convention on the Elimination of all Forms of Discrimination against Women.

http://www.unicef.org/crc/files/Rights_overview.pdf UN Convention on the Right of the Child

http://www.jaipurrugs.org/ organisasyong tumutulong sa Babae sa India

http://www.fordfoundation.org/issues/human-rights/protecting-womens-rights Foundation na tumutulong sa kababaihan sa India, Sri Lanka at Nepal

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano ang kalagayan ng mga kababaihan sa India?

2. Bakit ito nangyayari sa kanila? Ano-ano ang sanhi at bunga nito?

3. Paano naitataguyod ang pag-angat ng katayuan ng mga kababaihan sa India at sa iba pang bansa sa Timog at Kanlurang Asya?

4. Bilang Asyano, paano mo ipakikita ang pagpapahalaga sa mga kababaihan?

Nalaman mo na ngayon ang kalagayan ng mga kababaihan saTimog Asya lalong-lalo na sa India at ang mga organisasyong nagtataguyod sa kapakanan ng mga kababaihan at mga bata.

Susuriin mo ngayong mabuti ang *banner* ng isang organisasyonat kung ano ang nilalaman nito.

**GAWAIN 8.** **Go Girl!**

Suriin ang *banner* ng isang organisasyon sa India batay sa larawan. Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.



http://www.jaipurrugs.org/ organisasyong tumutulong sa Babae sa India

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Sino-sino ang nakikita mo sa mga larawan?

2. Ano-ano ang kanilang ginagawa?

3. Mula sa larawan, ipaliwanag ang temang nakasulat dito?

4. Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?

## GAWAIN 9. Ilahad Natin!

Mula sa mga natuklasang impormasyon sa kalagayan ng mga kababaihan at sa pamilyang Asyano, gumawa ka ng isang sanaysay na naglalaman ng iyong pang-unawa o mensahe mula sa mga nabasang impormasyon.

***One Minute Essay***

Nalaman mo na ngayon ang katangian ng mga pamilyang Asyano at ang kalagayan ng mga kababaihan sa India at ibapang bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Natuklasan mo rin angmga programang tumutulong na iangat ang katayuan ng mga kababaihan.

Ating alamin naman ngayon ang lawak ng iyong natutuhan sa pamamagitan ng paggawa ng *concept map.*

## GAWAIN 10. Ibuod Natin!

Gamitin ang mga natutuhan sa mga pagbabagong naganap sa Timog at Kanlurang Asya, gumawa ka ng isang *concept map* na nagbubuod ng iyong natutuhan sa mga nakalipas na gawain. Gamitin ang *wisemapping* sa *internet.* Kopyahin mo pagkatapos ito sa *dashboard* ng modyul.

Alituntunin sa paggawa ng *concept map*:

5. I-*type* ang www.wisemapping.com at i-klik ito.
6. Pindutin ang *sign-up free* upang makapag-*sign-in.*
7. Pindutin ang '*create a new map'* na *icon* at punan ang *name* at *description* na hinihingi ng kahon.
8. Gamitin ang mga *icon* na nasa itaas upang makagawa ng *concept map.*
9. Pagkatapos makumpleto ang *concept map*, i-*screen shot* ito upang ilagay sa *dashboard* ng modyul.

Naipakita mo ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa katatapos na gawain gamit ang *concept map*. Sa susunod na gawain, pagtutuunan mo ng pasin ang edukasyon sa Timog at Kanlurang Asya at kung paano ito nakatulong sa pag-unlad ng isang bansa.

## GAWAIN 11. Pagpuno ng Data Retrieval Chart



Teksto 2

Basahin ang mga impormasyong nakasaad sa *blog* at sa *website* na nasa ibaba upang maunawaan ang ang halaga ng edukasyon sa Timog at Kanlurang Asya.
http://www.scribd.com/doc/52968463/Sistema-Ng-Edukasyon-Sa-Asya Literacy rate sa Asya
http://mrscapua2.blogspot.com/p/papel-ng-edukasyon-sa-buhay-ng-mga.html papel ng edukasyon sa buhay ng mga babaing Asyano

Pagkatapos basahin ang mga impormasyon, punan ang *Data Retrieval Chart* sa ibaba.

| Bansa | Literacy Rate | Epekto |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano-ano ang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya ang may mataas at mababang bahagdan ng marunong magbasa at magsulat?

2. Bakit mahalaga ang edukasyon sa mga Asyano lalo na sa mga kababaihan? Ipaliwanag.

3. Ano ang kaugnayan ng *literacy rate* sa pag-unlad ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?

4. Paano tinutugunan ng mga Asyano ang mga hamon ng makabagong panahon?

5. Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?

Nalaman at naunawaan mo na ang aspektong edukasyon sa rehiyong ito. Alamin naman natin ngayon ang kasalukuyang pagbabagong pang-ekonomiya na naganap at nagaganap sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya sa susunod na gawain.

## GAWAIN 12. Pagpuno ng Cause and Effect Worksheet

Susuriin mo ang kalagayang pang-ekonomiya sa Timog at Kanlurang Asya.
I-klik ang mga *link* na nasa ibaba upang mabasa at masuri ang mga impormasyon at maunawaang mabuti ang kalagayan ng bawat rehiyon:

http://www.scribd.com/doc/101913675/Yamang-Likas-ng-mga-Bansa-sa-Kanlurang-Asya ekonomiya ng bansa sa Kanlurang Asya

http://www.scribd.com/doc/56638246/Ang-Pag-Unlad-Ng-Ekonomiya-Sa-Asya ekonomiya ng Kanluran at Timog Asya

Sagutan mo ang *Cause-Effect Worksheet*.

| Mga Bansa | Sanhi ng Pagbabago | Epekto ng Pagbabago |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano-ano ang mga bagong impormasyon na iyong nabasa?

2. Ano-ano ang mga sanhi ng mga pagbabagong naganap?

3. Paano nakakapekto sa mga Asyano ang pagbabagong ito?

4. Bakit mahalaga na malaman ang sanhi at epekto ng mga pagbabagong ito? Ipaliwanag.



5. Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?


Natuklasan mo na ang mga sanhi at epekto ng mga pagbabagong naganap sa mga bansa na nasa Timog at Kanlurang Asya matapos nitong lumaya at magsarili mula sa mga natutuhang paniniwala at prinsipyo mula sa mga mamamayan at mananakop.

Sa susund na gagawin, hahanga ka sa mga pagbabagong naganap sa katayuan ng mga kababaihan sa Timog at Kanlurang Asya. Magpatuloy tayo!

**GAWAIN 13.** **Pagpuno ng Character Chart**

I-klik ang *link* na nasa ibaba at kilalaning mabuti ang mga babaeng pinuno sa Timog at Kanlurang Asya. Pagkatapos mong kilalanin ang mga larawan, kumpletuhin mo ang *character chart.*
http://asianhistory.about.com/od/profilesofasianleaders/tp/Female-Heads-of-State-Asia.htm mga babaeng pinuno ng Asya

| Mga Pinuno | Bansa | Mga Katangian | Mga Ginawa |
|---|---|---|---|
|  | | | |
|  | | | |
|  | | | |
|  | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
|  | | | |
|  | | | |

Pinagkunan: http://asianhistory.about.com/od/profilesofasianleaders/tp/Female-Heads-of-State-Asia.htm mga babaeng pinuno ng Asya

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Sino-sino ang mga babaeng pinuno sa Timog at Kanlurang Asya?

2. Ano-ano ang kanilang mga ginawa para sa ikabubuti ng kani-kanilang mga bansa?

3. Paano sila namuno sa kanilang mga bansa? Ipaliwanag.

4. Ano ang nais iparating ng pamumuno ng mga babae sa mga bansang Asyano?

5. Paano nakatulong sa transpormasyon ng Asya ang mga babaeng pinuno?

**GAWAIN 14.** **I-try Natin!**

Gamitin ang iyong natutuhan sa mga kababaihan, gumawa ka ng isang *slogan* na nagpapakita ng iyong pagsuporta at pagtatataguyod ng kanilang karapatan gamit ang ***wall wisher***. Ilagay ito pagkatapos sa *dashboard* ng modyul.

Alituntunin sa paggamit ng *wall wisher :*

1. I-klik ang www.wallwisher.com
2. Upang makagawa ng bagong *wall*, i-klik ang ‘build a wall’
3. Magdagdag ng tamang pamagat ng iyong ginawa na magpapakita ng iyong pagtataguyod at pagsuporta ng karapatan ng mga kababaihan.
4. Pumili ng pangalan ng iyong *wall.*
5. I-*screen shot* ito upang ilagay sa *dashboard* ng modyul.

## KATAPUSANG BAHAGI NG PAGLINANG

Sa bahaging ito ng modyul, natuklasan mo ang kalagayang pampulitikal, pang-ekonomiya at panlipunan ng mga bansa saTimog at Kanlurang Asya. Natuklasan mo rin ang kultura atkalagayan ng mga kababaihan sa mga bansa sa rehiyong ito.

Nakilala mo rin ang mga babaeng pinuno na nagpapatunay sa unti-unting pag-angat ng kanilang katayuan sa pagdaan ng panahon at ang kani-kanilang kontribusyon sa lipunan. Nalinawan ka na ba kung ano-ano ang mga pagbabagong naganap? Napagtanto mo na rin ba kung aling konsepto ang mali mula sa iyong dating sagot?

Ngayong may lubos ka ng kaalaman sa paksa, ating palalalimin at hihimay-himayin ang mga datos at impormasyon upang lubos na maunawaan ang halaga nito sa ating buhay. Ipagpatuloy mo ang pagsasagawa ng mga gawain.

## PAGPAPALALIM

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay mapalalim ang iyong pang-unawa sa mga hamon ng makabagong panahon sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Masusuri mo ang mga hakbang na ipinapatupad upang matugunan ang suliraning kinakaharap ng bawat bansa. Mauunawaaan mo rin ang epekto ng neokolonyalismo sa kaunlaran ng mga Asyano.

## GAWAIN 15. Pagsagot sa Generalization Table



**Teksto 3**

Basahin ang nilalamang impormasyon ng mga sumusunod na *link* ukol sa iba't ibang sigalot at hamon ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

http://www.scribd.com/doc/48192051/2-6-Digmaan-Timog-Asya mga digmaan sa Timog Asya
http://www.history.com/topics/persian-gulf-war artikulo at video ukol sa gulf war
http://fil.globalvoicesonline.org/2012/08/syria-mga-bidyo-idinokumento-ang-tumitinding-sagupaan/ artikulo at video sa digmaan sa Syria
http://www.mb.com.ph/asean-2015-challenges-and-opportunities/ ASEAN 2015
http://www.hatawtabloid.com/2013/03/01/globalisasyon-may-kabutihan-bang-idinulot-sa-ating-bansa/ globalisasyon
http://www.seasite.niu.edu/trans/tagalog/new_articles/bangis_ng_terorismoang_pilipino_.htm artikulo ukol sa terorismo

.Pagkatapos mong basahin, punan mo ang mga tanong sa *Generalization Table.*

| |
|---|
| 1. Paano nakaapekto ang mga digmaan sa Timog at Kanlurang Asya sa mga Asyano at sa buong mundo? |

| |
|---|
| 2. Paano ito nakakaapekto sa ekonomiya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya ang terorismo? Paano ito maiiwasan o malalabanan? |

| |
|---|
| 3. Paano makakaapekto ang ASEAN 2015 at globalisasyon sa pag-unlad o pagbagsak ng ekonomiya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya? |

4. Paglalahat: (Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?)

Natukoy at nabasa mo na ang iba't ibang digmaang naganap sa Timog at Kanlurang Asya, ang mga hamon ng globalisasyon at ASEAN 2015.

Susuriin mo ngayong mabuti kung paano ang mga ito ay naka-aapekto sa rehiyon.

**GAWAIN 16. Hanap Tayo!**

I-klik ang *link* sa ibaba at unawaing mabuti ang tungkol sa mga impormasyon ng neokolonyalismo. Kasama ng iyong mga kagrupo, gumawa ng *mind map* ukol sa neokolonyalismo gamit ang www.wisemapping.com. Ilagay ito sa *dashboard* ng modyul.

Alituntunin sa paggawa ng *mind map*:

6. I-*type* ang www.wisemapping.com at i-klik ito.
7. Pindutin ang *sign up free* upang makapag-*sign-in.*
8. Pindutin ang 'create a new map' na *icon* at punan ang *name* at *description* na hinihingi ng kahon. Siguraduhing i-*type* ang *words* and *pictures* sa *description.*
9. Gamitin ang mga *icon* na nasa itaas upang makagawa ng *mind map.*
10. Pagkatapos makumpleto ang *mind map*, i-*screen shot* ito upang ilagay sa *dashboard* ng modyul.

I-klik ang mga *link* na ito:
http://www.marxists.org/subject/africa/nkrumah/neo-colonialism/introduction.htm artikulo sa neokolonyalismo
http://www.thefreedictionary.com/neocolonialism kahulugan ng neokolonyalismo

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano ang nilalaman ng iyong nabasa? Ipaliwanag.

2. Ano ang sanhi at epekto ng neokolonyalismo?

3. Magbigay ng halimbawa ng mga umiiral na kaisipang neokolonyalismo ngayon sa Asya.

4. Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?

## GAWAIN 17. Reflective Journal

Upang higit na mapalalim ang iyong pag-unawa, sagutin mong mag-isa ang *reflective journal* sa ibaba.

| | **Reflective Journal** | |
|---|---|---|
| Anong mga nangyari? | Ano ang nararamdaman ko tungkol dito? | Ano ang natutuhan ko? |
| | | |

| | | |
|---|---|---|
| | | |

**GAWAIN 18.** **Gawa Tayo!**

Gamitin ang mga larawan sa *website* na iyong nabasa at napuntahan. Gumawa ka ng isang *photo collage* na nagpapakita at nagpapatibay ng iyong adbokasiya gamit ang *glogster* sa *internet.* Ilagay ito sa *dashboard* ng modyul gamit ang *screen shot.*

Alituntunin sa Paggawa ng *photo collage:*

1. I-klik ang http://www.glogster.com
2. Pindutin ang 'Register' sa kanang bahagi sa bandang itaas ng *screen*.
3. Punan ang *online registration form*.
4. I-*type* ang *code* mula sa *code box* na nasa kahon sa ibaba ng *code.*
5. I-tsek ang kahon na malapit sa '*I agree to the terms of use*.'
6. Pindutin ang *SIGN UP.*
7. I-klik ang "*CREATE A NEW GLOG" button*.
8. May '*blank' glog screen* na magbubukas.
9. Pangalanan at i-*type* ang pangalan ng *glog* sa kahon ng ' *glog name'* at pindutin ang "*Save and Publish" button*.
10. I-kllik ang *"image" button* upang ma-*upload* ang mga larawan at gamitin ang mga *icon* upang magawa ang *photo collage.*
11. I-*screen shot* ito at ilagay sa *dashboard* ng modyul.

**Photo Collage**

Gamitin ang mga tanong sa ibaba upang suriin ang iyong ginawa sa pamamagitan ng *oral questioning.*

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano ang disenyong napili mo sa iyong *collage*?

2. Bakit ito ang napili mong disenyo? Ipaliwanag.

3. Ano ang iyong natutunan at nais pahalagahan sa iyong *collage*?

4. Paano ka makatutulong sa pagpapanatili sa mga pagkakakilanlan ng mga Asyano?

5. Paano nakamit ang transpormasyon sa Timog at Kanlurang Asya mula sa panahon ng 16-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?

## GAWAIN 19. Linawin Natin

Balikan natin ang iyong mga sagot sa *Before-After Chart.* Suriing mabuti kung may gusto kang baguhin na pananaw mula sa iyong dating mga sagot.

**BEFORE-AFTER CHART**

| BAGO | MGA PAHAYAG | PAGKATAPOS |
|---|---|---|
| | 1. Nahati-hati ang rehiyon ng sa mga Kanluraning bansa at nagkaroon ng takdang hangganan. | |
| | 2. Ang West Pakistan ay nagrebelde laban sa East Pakistan at itinatag ang bansang Bangladesh. | |
| | 3. Ang China ang nangunguna ngayon sa mayayamang bansa batay sa *per capita income.* | |
| | 4. Mababa ang katayuan ng mga kababaihan sa India pagkatapos nitong lumaya. | |
| | 5. Ang neo-kolonyalismo ay di-tuwirang pagkontrol sa isang malayang bansa ng isang makapangyarihang bansa. | |
| | 6. Nagkaroon ng transpormasyon sa larangan ng pulitika, sining at humanidades pagkatapos ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya | |

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Anong pahayag ang gusto mong linawin ang kasagutan?

2. Ano ang iyong basehan sa pagbabago ng sagot? Ipaliwanag.

3. Ano-ano ang iyong mga natutuhan sa paksa?

4. Bilang isang Asyano, paano makatutulong ang kaalamang ito sa ating bansa? Ipaliwanag.

**GAWAIN 20.** **Naisip Ko!**

Ilahad ang iyong kabuuang natutuhan sa nakalipas na gawain gamit ang *metacognitive journal.*

**METACOGNITIVE JOURNAL**

Paano ko ito natutuhan……

Ang gamit nito sa buhay ko……..

3. Natutuhan ko na ....

Paano ko ito natutuhan …
Ang gamit nito sa buhay ko…

2. Natutuhan ko na ………

Paano ko ito natutuhan …

Ang gamit nito sa buhay ko…

1. Natutuhan ko na…

**KATAPUSANG BAHAGI NG PAGPAPALALIM**

Sa bahaging ito ng aralin ay lalo mong napalalim ang iyong kaalaman sa mga hamon at isyung kinakaharap ng mga bansa sa Timog at Kanulrang Asya at kung paano nila ito tinutugunan batay sa ikabubuti ng marami. Nalinawan ka na sa kahulugan, sanhi at epekto ng neokolonyalismo.

Mayroon ka bang natutuhan sa paksang ito at realisasyon na dapat mong gawin?

Ngayong may pang-unawa ka na sa mga pagbabagong pulitikal, panlipunan at pang-ekonomiya, handa ka na sa susunod na bahagi ng modyul.

## PAGLILIPAT

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay isabuhay o isagawa sa totoong sitwasyon ang iyong mga natutuhan. Magpapatunay ito ng iyong pang-unawa sa araling ito para sa ikabubuti ng bawat tao lalong-lalo na ang mga Asyano.

**GAWAIN 21. Let's Vote In!**

Basahing mabuti ang sitwasyon sa ibaba at mag-isa mong isagawa ito. Layunin nitong itaguyod ang pagiging responsableng mamamayan para sa kaunlaran ng bayan.

Taunang nagbibigay ng parangal ang iyong barangay sa mga piling miyembro ng pamayanan na nagpakita ng mabuting halimbawa. Layunin ng patimpalak na magsilbing paalala sa mga mamamayan na ang bawat isa ay may responsiblidad at gampaning dapat gawin para sa ikabubuti at ikauunlad ng buong pamayanan. Magkakaroon ng patimpalak na "Barangay Idol"na naglalayong pumili ng limang huwarang miyembro ng barangay. Bilang miyembro ng barangay, ikaw ay inatasang gumawa ng iyong *campaign poster* para sa iyong kalahok upang masigurado ang boto ng iyong mga kabarangay. Huhusgahan ang *campaign poster* ayon sa sumusunod:

1. impormatibo/ praktikalidad
2. malikhain
3. kabuluhan
4. katotohanan

**PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG CAMPAIGN MATERIAL**

| PAMANTAYAN | MAHUSAY 4 | MAAYOS 3 | MAY KAKULANGAN 2 | NAGSISIMULA PA LANG 1 | RATING |
|---|---|---|---|---|---|
| **IMPORMATIBO/ PRAKTIKALIDAD** | Ang nabuong *campaign material* ay nakapagbibigay ng kumpleto, wasto at pinakabagong impormasyon tungkol sa mga kapaki-pakinabang na kontribusyon sa lipunan. | Ang nabuong *campaign material* ay nakapag-bibigay ng wastong impor-masyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan. | Ang nabuong *campaign material* ay kulang sa sapat na impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan. | Ang nabuong *campaign material* ay walang impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan. | |
| **MALIKHAIN** | Ang pagkaka-sunod-sunod at pagkaka-disenyo ng mga impor-masyon tungkol sa mga kapaki-pakinabang na kontribusyon sa lipunan ay orihinal at kakaiba | Ang pagkaka-sunod-sunod at pagkaka-disenyo ng mga impor-masyon tungkol sa mga kontribus-yon sa lipunan ay sapat at angkop | May kakulangan ang elemento ng pagdisenyo ng mga impor-masyon tungkol sa mga kontri-busyon sa lipunan at nagpapakita ng limitadong antas ng pagkama-likhain. | Hindi malikhain ang pagkakadi-senyo ng mga impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan. Ang gawain ay kopya sa ibang materyal | |
| **KABULUHAN/ IMPAK** | Komprehen-sibo, maayos at may lalim at mapanu-ring pagkaka-paliwanag tungkol sa mga kontribusyon sa lipunan | Mahusay ang pagka-kapaliwanag tungkol sa mga kontri-busyon sa lipunan | Pahapyaw lamang ang pagtalakay sa mga kontribus-yon sa lipunan | Hindi naipaliwanag ang mga kontribusyon sa lipunan | |
| **KATOTOHANAN** | Ang *campaign material* ay nagpapakita ng makatotoha-nang pangya-yari sa buhay ng tao. Ang nilalaman nito ay may bisa/ | Ang *campaign material* ay nagpapa-kita ng pangyayari sa buhay ng tao | Ang *campaign material* ay nagpapakita ng iilang pangyayari lamang sa buhay ng tao. Hindi tama ang iilang mga binanggit na pangyayari. Ang nilalaman nito ay | Walang naipakitang makatotoha-nang pangyayari | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | dating sa madla | | walang dating sa madla | | |
| | | | | **OVERALL RATING** | |

I-*post* sa loob ng kahon ang nabuo mong *campaign poster*. Maaaring i-*post* mo ang *link* ng *website* o *internet site* kung gumamit ka ng teknolohiya.

Matapos mong maisagawa ang inaasahang pagganap, sagutin mo ang *synthesis journal* batay sa iyong kabuuang pang-unawa.

## GAWAIN 22. Pagpuno ng Synthesis Journal

Upang mapalalim ang iyong pang-unawa, isulat sa grapikong pantulong ang iyong mga natutuhan at paano mo isasagawa ang mga ito sa tunay na buhay.

| SYNTHESIS JOURNAL | | |
|---|---|---|
| **Anong ginawa ko…** | **Anong natutuhan ko…** | **Paano ko ito magagawa at isasabuhay…** |
| | | |

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Anong masasabi mo sa iyong ginawa?

2. Marami ka bang nahikayat na botante? Bakit?

3. Ano ang natutuhan mo o realisasyon sa paggawa ng *campaign material*?

4. Paano ka makatutulong sa pagtugon sa mga pagbabagong nagaganap sa Asya? Ipaliwanag.

**KATAPUSANG BAHAGI NG PAGLILIPAT**

Naunawaan mo na ang pagbabagong naganap sa Timog at Kanlurang Asya. Matagumpay mong naisagawa ang mga gawaing inihanda lalo na ang *multimedia material*. Nagpapatunay ito na ganap na ang iyong pang-unawa sa paksa. Ano ang iyong realisasyon sa pagsasagawa nito? Sana'y nakatulong ito sa ganap na pagpapatibay ng iyong paninindigan sa buhay at maging responsableng mamamayan.

Sagutin mo ang inihandang panghuling pagtataya upang ganap ang iyong pang-unawa sa katatapos na aralin.

## PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataon upang mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor pagkatapos mong masagutan ang lahat ng aytem. Kung mataas ang iyong nakuhang iskor, maaari ka nang pumunta sa susunod na modyul. Kung ang nakuha mong iskor ay wala sa inaasahang lebel o iskor, kailangan mong balikang muli ang modyul.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Sino ang kilalang *Venetian Merchant* na nakarating sa China na naglarawan ng kanyang ginawang paglalakbay?
   a. Marco Polo
   b. Ferdinand Mgellan
   c. Bartolomew Diaz
   d. Prince Henry, The Navigator.

2. Sa kasalukuyan, pangalawa ang India sa may pinakamakapal na populasyon sa buong mundo. Nangangahulugan ba itong marami ang mangmang sa mga mamamayan?
   a. Oo, dahil maraming tutustusan ang gobyerno sa pangunahing pangangailangan at magkukulang ang *budget.*
   b. Hindi, dahil naglaan ang gobyerno ng pera para sa edukasyong ng mamamayan at direktang nakapondo ito sa personal na impok ng tao.
   c. Maaari, dahil hindi kayang tugunan ng pamahalaan ang mga mamamayan.
   d. Hindi, lahat ay mahirap at walang mangmang sa India.

3. Paano tumugon sa hamon ng pagbabago ang mga Asyano?
   a. Nag-alsa sila laban sa mga Kanluranin.
   b. Naging madali sa mga Asyano ang pagtanggap sa mga Kanluranin dahil na rin sa pagbabagong dulot nito.
   c. Mahirap man para sa mga Asyano ang pagbabago, subalit tinanggap na lamang nila ito.
   d. Iba-iba ang ginawang pagtanggap ng mga Asyano sa pagbabagong dala ng mga Kanluranin.

4. Sa darating na Oktubre ay ipagdidiriwang ang *United Nations Day*. Isa sa mga gawain na idaraos sa inyong lungsod ay ang kampanya laban sa pagtataguyod ng kalayaan at pagpapahalaga sa kapayapaan. Ikaw, bilang isang *freedomadvocate* ay naatasang mamuno sa gawaing ito. Kaya naman

naglunsad ka ng paligsahan sa paggawa ng isang *campaign material* upang itaguyod ang kalayaan. Alin sa mga sumusunod na pamantayan ang akmang gagamitin?

a. napapanahon, malikhain at may maraming larawan
b. impormatibo, malikhain, kaangkupan at makatotohanan
c. makatotohanan, malikhain at may maraming ebidensya
d. impormatibo, mapagpakahulugan at naaayon sa panahon

5. Ang pananakop ng mga bansang Europeo ay nagdulot ng parehong mabubuti at hindi mabubuting bagay sa mga mamamayan nang nasakop na bansa. Sa kasalukuyang panahon, patuloy pa ring makikita ang pananakop ng mga Kanluranin sa iba't ibang anyo. Ikaw bilang isang mapagmahal sa kapayapaan, paano mo pangangalagaan ang kalayaang tinatamasa mo ngayon?
   a. Igalang ang kalayaang tinatamasa ng kapwa.
   b. Manguna sa mga programa ng pamahalaan.
   c. Mag-organisa ng isang *advocacy* campaign.
   d. Dadalo sa pagdiriwang ng *Rizal Day.*

6. Bakit kinakailangang humanay ng mga bagong tatag pa lamang na mga bansang Asyano sa alinman sa *superpowers* nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
   a. Dahil sa panahong ito ang mga superpowers ang kinikilalang pinakamalakas na mga bansa na siyang tutulong sa kanila sakaling may pagsalakay na mangyayari
   b. Dahil sa parusang ipaparatang sa mga bansa sakaling wala itong kinakampihan
   c. Dahil sa mga bansa ay pipili lang sa dalawang pinapairal na ideolohiya; ang komunismo at demokrasya
   d. Dahil sa hindi kaya ng mga bansang ito ang pagsasarili

7. Sino ang namuno sa mga Hindu upang ipaglaban ang kanilang kalayaan laban sa mga British?
   a. Jawaharlal Nehru
   b. Mohandas Gandhi
   c. Sirimavo Bandaranaike
   d. Indira Gandhi

8. Nakamit ng mga Indian ang kanilang kalayaan sa mga British noong 1947 dahil sa pakikipaglaban ni Mohandas Gandhi. Nabuo naman ang bansang Pakistan dahil ipinaglaban nila ang pagkakaroon ng sariling bansa para sa mga Muslim. Samantala, ang mga bansa naman sa Kanlurang Asya ay nakamit ang kalayaan sa mga Kanluranin matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. Anong kongklusyon ang mabubuo mo tungkol dito?
   a. Ang mga karanasan noong panahon ng kolonyalismo ay nakatulong upang magkaisa ang mga mamamayan.

b. Ang nasyonalismo ay nakaimpluwensiya sa mga Asyano upang ipaglaban ang kanilang kalayaan.
c. Ang mga Asyano at Kanluranin ay nagkaroon ng mabuting ugnayan noong panahon ng imperyalismo.
d. Ang dinaranas na kalayaan at kaunlaran ng mga Asyano sa kasalukuyan ay bunga ng kanilang malalim na pagmamahal sa bansa.

9. Bilang bahagi ng isang programa para sa pagkakaisa ng mga Asyano, magkakaroon ng ekshibit tungkol sa mga kilalang Asyano na nagpamalas ng damdaming nasyonalismo. Ikaw ay naatasan na gumawa ng *campaign material* tungkol sa napili mong personalidad. Ilalahad mo ito sa mga opisyal na bumubuo ng ekshibit. Alin sa sumusunod ang angkop na gawin?
   a. Poster
   b. Slogan
   c. Essay
   d. Proposal

10. Bakit buong pusong isinasagawa ang *sati* sa India?
   a. Dahil sa paniniwalang mawawala ang mga kasalanan nila kung sumakabilang buhay na
   b. Dahil sa tradisyong sinusunod at pagtutol sa modernisasyon
   c. Dahil sa ito ay paglilinis ng kasalanan ng asawang lalaki at maging ng biyuda
   d. Dahil sa paniniwalang makamtan ng mag-asawa ang kapayapaan sa kabilang buhay

11. Sa kasalukuyan, marami na rin ang mga kababaihang Asyano ang may hawak ng mataas na posisyon sa pamahalaan. Bakit may kakayahang humawak ng mataas na posisyon sa pamahalaan ang babaeng Asyano?
   a. Dahil sa siya ay ipinaganak na may kakayahang maging isang lider
   b. Dahil sa mga patunay na may mga lider na sa Asya na mga babae na pumantay sa kakayahan ng mga lalaking pinuno
   c. Dahil bawat mamamayan ay may pantay-pantay na karapatang mamuno sa mundong ginagalawan
   d. Dahil ang mga babae ay may edukasyon din tulad ng mga lalaki

12. Isa kang tagasulong ng mga karapatan ng mga kababaihan. Gusto mong ipaalam ito sa karamihan kaya naisipan mong gumawa ng isang *campaign material* para sa karapatan ng mga kababaihan sa Asya. Alin sa mga sumusunod na isyu ang uunahin mong matugunan?
   a. Diskriminasyon sa pagawaan
   b. Sex trafficking
   c. Wife battery
   d. Edukasyon

13. Ikaw ay naimbitahang maging isang tagapagsalita ng mga kababaihan sa Asya sa isang *convention.* Ang tema nito ay *Transpormasyon ng mga*

*Kababaihan sa Asya.* Alin sa mga sumusunod ang iyong gagawin upang paghandaan ang okasyon?

a. Magbibigay ng mga larawan ng mga kababaihan na nasa pulitika.
b. Maghahanda ng magagandang halimbawa para hindi mawala ang interes ng mga tagapakinig.
c. Pipili ng mga kuwento na makapagbibigay ng inspirasyon at makasasagot sa paksang ibinigay.
d. Gagamit ng makabagong teknolohiya sa presentasyon para sila ay mapahanga.

14. Alin sa mga sumusunod na organisasyon ang tumutulong sa pag-angat ng katayuan ng mga kababaihan sa India?
    a. Gabriela
    b. Jaipur Rugs Organization
    c. UN Security Council
    d. World Health Organization

15. Alin sa mga sumusunod ang naging pang-ekonomiyang bunga ng pananakop ng mga Europeo sa Asya?
    a. Pagkakaroon ng salinlahi
    b. Naging edukado ang mga Asyano
    c. Napakinabangan ng mga Kanluranin ang yaman ng Asya na sanaynagamit ng mga Asyano para sa kanilang kaunlaran.
    d. Gumanda ang pamumuhay ng mga Asyano kasabay ng pagbuti ng pamumuhay ng mga Europeo.

16. Ano ang tawag sa pangyayaring nag-aklas ang mga sundalong Indian at Muslim dahil sa kalapastanganan ng mga British sa kanilang paniniwala?
    a. Sepoy Mutiny
    b. Salt March
    c. Black Hole
    d. Independence Day

Para sa bilang 17, suriin ang sumusunod na pahayag:

"In a gentle way, you can shake the world"

- Mahatma Gandhi

17. Batay sa pahayag sa itaas, alin sa sumusunod ang pamamaraang ginamit ni Gandhi upang ipaglaban ang kanilang kalayaan?
    a. mapayapa
    b. marahas
    c. mapayapa at marahas
    d. mapanghinuhod

18. Nakamit ng mga Indian ang kanilang kalayaan sa mga British noong 1947 dahil sa pakikipaglaban ni Mohandas Gandhi. Nabuo naman ang bansang Pakistan dahil ipinaglaban nila ang pagkakaroon ng sariling bansa para sa mga

Muslim. Samantala, ang mga bansa naman sa Kanlurang Asya ay nakamit ang kalayaan sa mga kanluranin matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. Anong kongklusyon ang mabubuo mo tungkol dito?

a. Ang mga karanasan noong panahon ng kolonyalismo ay nakatulong upang magkaisa ang mga mamamayan.
b. Ang nasyonalismo ay nakaimpluwensiya sa mga Asyano upang ipaglaban ang kanilang kalayaan.
c. Ang mga Asyano at Kanluranin ay nagkaroon ng mabuting ugnayan noong panahon ng imperyalismo.
d. Ang dinaranas na kalayaan at kaunlaran ng mga Asyano sa kasalukuyan ay bunga ng kanilang malalim na pagmamahal sa bansa.

19. Bilang bahagi ng isang programa para sa pagkakaisa ng mga Asyano magkakaroon ng ekshibit tungkol sa mga kilalang Asyano na nagpamalas ng damdaming nasyonalismo. Ikaw ay naatasang gumawa ng *campaign material* tungkol sa napili mong personalidad. Ilalahad mo ito sa mga opisyal na bumubuo ng ekshibit. Paano mo ito tatayain?
    a. nilalaman, organisasyon at pagkamalikhain
    b. nilalaman, organisasyon, pagkamalikhain at kaangkupan
    c. nilalaman, organisasyon, at kaayusan
    d. proposal

20. Alin sa mga sumusunod na pangyayari ang kapansin-pansing bunga ng tensiyong *Cold War?*
    a. Matinding gutom sa mga bansang Asyano
    b. Pananatiling pangingibabaw ng Estados Unidos sa pulitikal at ekonomiyang kapangyarihan.
    c. Matinding suliraning pang-ekonomiya ng Unyong Sobyet.
    d. Pagkakahati ng daigdig sa Silangan at Kanluran

**GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL**

**ASEAN** – Ito ang Association of Southeast Asian Nations na isang samahang panrehiyon sa Asya na naglalayong patibayin ang kapayapaan sa rehiyon.

**Demokrasya** – Uri ng pamahalaan na ang kapangyarihan ay mula sa kamay ng mamamayan.

**Federal Parliamentary Republic** – Uri ng pamahalaan na ang pangulo ang puno ng pamahalaan na inihahalal ng mamamayan.

**Filial Piety** - Matinding pagmamalasakit at pagiging masunuring anak sa kanilang mga magulang.

**Globalisasyon** - Tumutukoy sa mabilis na pag-ugnayang pandaigdig, integrasyon, at pagtutulungang pang-ekonomiya, panlipunan, pangteknikal, pangkultural, pampulitika at pang-ekolohikal na kalipunan.

**Islamic Theocratic Republic** – Uri ng pamahalaan na ang pangulo ay inihahalal ng tao at ang saligang batas ay ayon sa Qu'ran.

**Kolonyalismo** – Tumutukoy sa pagkamkam ng mga lupain upang matugunan ang layuning pangkomersyal at pangrelihiyon ng isang bansa.

**Monarkiya** - Uri ng pamahalaan na pinamumunuan ng hari o reyna.

**Neokolonyalismo** - Tumutukoy sa paggamit ng isang malakas o maunlad na bansa ng kanyang paraang pampulitikal at pang-ekonomiya upang maipalaganap ang impluwensiya sa mga bansang di-maunlad.

**Parliamentary**-Uri ng pamahalaan na pinamumunuan ng Prime Minister.

**Polygamy** – Pagkakaroon ng maraming asawa

**Solidarity** – Dadamdaming pagkakaisa at masugid na katapatan sa isang pangkat.

**Terorismo** –Tumutukoy sa sistematikong paggamit ng karahasan bilang paraan ng isang pangkat upang makamit ang isang pulitikal o ideolohikal na layunin upang makuha ang pansin ng *media* at tuloy matamo ang anumang kahilingang nais ng isang organisadong krimen.

**UNICEF** - Isang ahensiya ng United Nations na nagtataguyod ng mga programang makatutulong sa edukasyon at kalusugan ng mga bata at kababaihan sa mga mahihirap na bansa.

**United Nations** –Ang pandaigdigang samahan ng mga bansa sa buong mundo na responsable sa pagpapanatili at pagtataguyod ng seguridad, kapayapaan, kalusugan, edukasyon, patakaran ng mga bata at kababaihan at kultura sa buong mundo.

## TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL

http://www.youtube.com/watch?v=Gwle0-pP7r4 video ng protesta sa Syria

http://www.sheppardsoftware.com/Middle-east_Geography.htm interactive quiz sa mga bansa sa Kanlurang Asya

http://www.sheppardsoftware.com/Asian_Geography.htm online games sa mga bansa at kabisera ng bansa sa Timog at Kanlurang Asya

http://www.cotf.edu/earthinfo/sasia/SApeo.html mga sistemang politikal at ekonomiya ng Timog Asya

http://www.yaqoot.com/middleeast/ naglalaman ng mg uri ng pamahalaan sa Kanlurang Asya

https://sites.google.com/site/parkerpedia/southwest-asia/people-and-places-of-southwest-asia/three-religions-of-southwest-asia mga relihiyon sa Kanlurang Asya

http://maps.unomaha.edu/Peterson/geog1000/Notes/Notes_Exam2/SWA.html mga relihiyon at ekonomiya sa Kanlurang Asya

http://www.crowdvoice.org/sexual-assault-in-india?gclid=CM2T8NfUorsCFaUn4godGnQAfQ datos sa sexual assault sa India

http://mrscapua2.blogspot.com/p/ang-kalagayan-ng-kababaihan-sa-ibat.html kalagayan ng mga kababaihan sa Asya

http://www.un.org/en/rights/ United Nations

http://www.ohchr.org/Documents/ProfessionalInterest/cedaw.pdf Convention on the Elimination of all Forms of Discrimination against Women.

http://www.unicef.org/crc/files/Rights_overview.pdf UN Convention on the Right of the Child

http://www.jaipurrugs.org/ organisasyong tumutulong sa Babae sa India

http://www.fordfoundation.org/issues/human-rights/protecting-womens-rights Foundation na tumutulong sa kababaihan sa India, Sri Lanka at Nepal

www.facebook.com/pages/Ang-Kababaihan-sa-Kasalukuyang-Asya/383134495047659 kalagayan ng mga babae sa Asya

http://www.scribd.com/doc/52968463/Sistema-Ng-Edukasyon-Sa-Asya Literacy rate sa Asya

http://mrscapua2.blogspot.com/p/papel-ng-edukasyon-sa-buhay-ng-mga.html papel ng edukasyon sa buhay ng mga babaing Asyano

http://www.scribd.com/doc/101913675/Yamang-Likas-ng-mga-Bansa-sa-Kanlurang-Asya ekonomiya ng bansa sa Kanlurang Asya

http://www.scribd.com/doc/56638246/Ang-Pag-Unlad-Ng-Ekonomiya-Sa-Asya
ekonomiya ng Kanluran at Timog Asya
http://asianhistory.about.com/od/profilesofasianleaders/tp/Female-Heads-of-State-Asia.htm mga babaeng pinuno ng Asya

http://www.scribd.com/doc/48192051/2-6-Digmaan-Timog-Asya mga digmaan sa Timog Asya

http://www.history.com/topics/persian-gulf-war artikulo at video ukol sa gulf war

http://fil.globalvoicesonline.org/2012/08/syria-mga-bidyo-idinokumento-ang-tumitinding-sagupaan/ artikulo at video sa digmaan sa Syria

http://www.mb.com.ph/asean-2015-challenges-and-opportunities/ ASEAN 2015

http://www.hatawtabloid.com/2013/03/01/globalisasyon-may-kabutihan-bang-idinulot-sa-ating-bansa/ globalisasyon

http://www.seasite.niu.edu/trans/tagalog/new_articles/bangis_ng_terorismoang_pilipino_.htm artikulo sa terorismo